# *Ang Super Na Tanda*

Manalangin tayo. Makalangit na Ama, kami po'y lubos na nagpapasalamat sa Iyo, sa gabing ito, dahil Ikaw pa rin ang dakilang AKO NGA, hindi "Ako noon" o "sa hinaharap." Ikaw ay pangkasalukuyan, aming Diyos. At Ika'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, ang Diyos na di-nagbabago. Amin Kang pinasasalamatan dahil nagkaroon kami ng pribilehiyong ito na malaman ito, na inihayag sa amin ng Espiritu Santo. At kami nga'y naselyuhan na sa Kaharian ng Diyos, kasama Niya, sa pamamagitan ng Tanda na iniwan Niya para sa amin. Kami nga'y lubos na nagpapasalamat dahil Dito. Iyo pong pagpalain kami, sa gabing ito, habang kami'y naghihintay po sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus kami'y dumadalangin. Amen.

Maaari na kayong maupo.

2 Akin lang, sigurong ililipat ang ilang mga panyo rito sa tabi rito, para . . . Tayo nga'y mananalangin para sa mga maysakit, sa nalalabing mga gabi, kung loloobin ng Panginoon. Gagawin natin 'yan. Yun nga lang, nabanggit ko kay Billy kanina na medyo nahuli siya ng dating, ngayong gabi, at di tuloy siya nakapagbigay ng mga prayer card, pero gayun pa man naisip naming puwede naman sigurong gawin na lang namin 'yan maya-maya habang nagtatawag marahil ako sa altar, o parang ganun, para magawa natin.

3 Ngayon mabuti po ba ang pakiramdam ng bawat isa? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mabuti naman. Lubos akong—akong nagagalak na marinig 'yan.

4 Ngayon, sa palagay ko'y naipabatid na rito na sa umaga na ang agahan ng mga Business Men. Sa palagay ko'y kanila na, itong, naipabatid na nila ang oras, at ang iba pa. Ngayon tayo po'y maging laging handa sa kung anuman ang ipagawa sa atin ng Panginoon. Batid natin na ang gabing ito'y gabi na maaari nang maganap ang maaaring maganap, kaya nagnanais tayo na maging handa para dun, at magtumuling dumako sa Mensahe. Kaya, bukas ay abala po tayo n'yan.

5 At sa Linggo, pagdating ng umaga ng Linggo, sa palagay ko'y ako ang mangungusap dito pagkatapos ng Sunday school, Linggo po 'yan ng umaga; at Linggo rin ng gabi. Kaya, kayo'y iniimbitahan sa lahat ng mga pagtitipong ito. Pero kung, hayan nga't, kung may nakaatang na tungkulin kayo sa ibang dako, na dapat ay nandun kayo, buweno, ayaw din naman naming wala kayo roon.

6 May ikakasal din ako, bukas-makalawa, siguro'y bukas na 'yun o sa susunod na araw. Linggo ng umaga, oo, may ikakasal

akong magkasintahan mula sa tabernakulo ko. At kaya naman inaasahan din naming matunghayan din 'yun.

7 At ngayon ay ipanalangin n'yo kami habang sinisikap natin na basahin ang ilang bahagi ng Salita ng Diyos sa mga oras na ito ngayon, at makadako na agad sa Mensahe, mismo. Hiniling nila sa akin na magpunta rito nang maaga dahil marami sa mga nagsidalo ang nakatayo. At kaya naman babasa tayo mula sa Isaias, sa ika-7 kabanata. Nais kong basahin, simula sa ika-10 talata.

> *At ang* P*ANGINOON ay nagsalita uli kay Achaz na nagsasabi,*
>
> *Humingi ka sa ganang iyo ng tanda na mula sa* P*ANGINOON mong Dios; humingi ka maging sa* mga kalaliman, *o sa* mga kaitaasan *sa itaas*.
>
> At *sinabi ni Achaz, Hindi ako hihingi, ni tutuksuhin ko man ang* P*ANGINOON*.
>
> *At kaniyang sinabi, Dinggin ninyo. . . Oh sangbahayan ni David; maliit na bagay* ba *sa inyo ang mamagod sa mga tao, na inyong papagurin rin ang aking Dios?*
>
> *Kaya't ang* P*ANGINOON nga ay magbibigay sa inyo ng tanda; Narito, isang dalaga ay maglilihi, at manganganak ng isang lalake, at tatawagin nila ang kaniyang pangalan na Emmanuel.*

8 Kung bibigyan ko ng pamagat ang paksang ito, sa gabing ito, na ipangungusap ko sa ilang sandali, base rito sa ilang mga tala na nailista ko rito kaninang hapon, nais ko pong ipangusap itong. . . talakayin ang paksang ito, *Ang Super Na Tanda*.

9 Alam n'yo ba, ang panahon ngayon ay super na panahon, lahat ay super. At sa tuwing makakakita tayo ng—ng sanga-sangang kidlat sa langit sa maulap na gabi, ipinahihiwatig nun sa atin nang may katiyakan na may liwanag ding lumilitaw sa dilim. Alam natin 'yan.

10 Alam ng Diyos ang wakas mula pasimula, kaya ibig sabihin nun magagawa Niyang planuhin ang lahat, na kumilos nang sadyang naaayon para sa ikaluluwalhati Niya. At binibigyan tayo nito ng tapang, na malaman natin na kahit anuman 'yan na dumating o lumipas, ang Diyos ang gumagawa nitong lahat, ang tik-tak ng orasan ay saktong-sakto sa panahon nito.

11 Minsan naiinip tayo, nababalisa. Nag-aapura tayo. Iniisip natin, "Oh, dapat na nating magawa *ito*, o magawa *iyon*."

12 Pero, tandaan n'yo, ang orasan ng Diyos ay laging eksakto sa panahon nito. Lahat ng mga bagay ay sadyang nakaayon dito. Ang lahat nga'y dapat kumilos ayon sa Kanyang dakilang kaalaman, Kanyang paunang kaalaman, dahil sa pamamagitan ng paunang kaalaman ay may kakayahan Siyang magtalaga na

nung una; hindi nga sa pamamagitan ng Kanyang kagustuhan, bagkus sa pamamagitan ng Kanyang kaalaman. Di nagtatalaga ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang kagustuhan. Ayaw nga Niyang may mapupunta sa kapahamakan, subalit sa Kanyang paunang kaalaman ay nababatid Niya kung sinu-sino ang mga tatanggap at kung sinu-sino ang di tatanggap. Samakatwid ay nagagawa Niyang pakilusin ang lahat ng mga bagay ayon sa Kanyang malaking orasan na unti-unti nang tumitik-tak, dahil may kakayahan Siyang paunang sabihin ang wakas mula sa pasimula. At, kaya naman, alam nga Niya na mabubuhay tayo sa panahong ito. Alam Niya na ito ang panahon natin. May mga plano Siya para sa panahong ito. May mga plano Siya para sa bawat panahon. At kahit kailan ay di nabibigo ang plano Niya. Lagi Siyang eksakto sa oras.

13 At ang naturang panahong ito ang tinatawag nating super na kapanahunan. Lahat ng makikita mo sa panahon ngayon ay sa malamang ay "super," o di 'yun uubra, kung 'yang taglay-taglay mo'y di super, dahil ito na ang super na kapanahunan. Lumipas na ang panahon ng ilan, at lumipas na sila, ngayon ay narito na sila sa super na kapanahunan, itong lahat ng nakikita natin.

14 Hindi ka na nga makakapunta sa may tindahan sa kanto, at makakakita pa dun ng malaking bloke ng keso na nakapatong dun di tulad nung araw. At—at napaglipasan na nga, 'yung mga tinda-tindahan sa kanto, dahil kung gusto mong makakuha ng masarap na pagkain, pupunta nga ang lahat sa primera klase't, de-aircon na pamilihan, na ang tawag ay super market. Dun na nga pumupunta ang tao kahit mas malaki ang ibinabayad nila para sa pagkain nila. Sa super market na nga sila pumupunta. Ganoon nga. Dahil siyanga nama't super. Kita n'yo? Gusto ng lahat ang super.

15 At, ngayon, di ka na puwedeng magdala ng ordinaryong kotse. Makakaladkad 'yang lumang T-model, dito sa lansangan ngayon. May super car na sila ngayon. Super ang pagkakagawa ng Ford sa mga sasakyan nila. Super din ang pagkakagawa ng Chevy sa mga sasakyan nila. Ang iba pa, kung umaasa silang makasabay sa karera, kinakailangang super din ang gawa nila. Ang lahat nga'y super, super, super.

16 Lumipas na ang panahon, nandito na tayo sa panahon ng pagsasahimpapawid. Nung una may propel plane sila. Tapos, malalaman mo na lang, nakaimbento na sila ng jet. At ngayon may super jet na sila. Kita n'yo, kinakailangan ngang super. Kasi kung hindi, aba'y di na—di na 'yun napapanahon. Lahat ng bagay sa panahong ito ay dapat nga'y super.

17 Noong araw ay may mga lumang highway tayo na dun tayo dati dumadaan, ngayon may mga super highway na tayo. Dapat apat o limang linya papunta sa isang ruta, at apat o limang linya papunta naman sa kabila, o makakaladkad ka. Kita n'yo? Dapat

may ganun ka, dahil ito na ang super na kapanahunan, super na panahon. Lahat ay nasa super na.

18 Iniisip nga rin natin na may mga super na tao tayo, o may ilang tao na iniisip nilang super sila, at sinisikap nilang ganun ang ikilos nila, hayan nga. Super na lahi, isang lahi na gustong mangibabaw sa iba.

19 Super na mga kaiglesyahan, super na mga denominasyon, lahat ay puro super na lang. "Kung hindi super, buweno, di na uubra."

20 Iniisip ko nga na maging ang mga kababaihan ay super na manamit, modernong panahon na kasi. Yung mga makalumang sapatos, na gawa sa katad, mabibili mo 'yun nang halos tatlong dolyar lang bawat pares, tapos 'yung pinaka mahusay na pares nun, mas marami pang katad kamo kaysa dun sa sandosenang pares nila ngayon, na dalawampu't limang dolyar ang ibabayad mo kada isang pares. Pero ginawa na kasi nilang super 'yun, alam n'yo, *ganitong* kataas 'yung takong, tapos labas ang mga daliri sa paa, pero super naman. Kita n'yo, 'yun kasi ang uso. Kailangan nga rin super ka rin sa paglakad mo dun, kita n'yo. Ganoon nga. Lahat nga'y naging kahibangan na, para sa akin, kita n'yo. Pero ito nga'y—ito nga'y super na kapanahunan na kasi. Isang super na panahon.

21 Lahat ng mga tandang ito ay—ay marka ng espirituwal na kadiliman. Lahat ng mga ito na nakikita nating nangyayari na puro super, super, super, kung alam lang natin sana! Lagi na lang tayong nagmamadali, dapat makarating agad tayo dun, at anu-ano kayang dapat nating gawin dun pagdating natin dun? Nung araw, lumalakad lang tayo galing sa trabaho, lumalakad lang noon ang mga bata papuntang eskuwelahan, pero ngayon may bus nang sumusundo sa mismong pinto nila at kukunin lang sila't dadalhin sila papasok ng eskuwela at pauwi galing eskuwela, at tapos kalahating milyong dolyar ang ginugugol para sa silid-laruan, para makapag-ehersisyo naman sila kahit kaunti, o mamamatay sila. Buweno, noon nakakapag-ehersisyo na ang mga bata sa paglalakad pa lang sa eskuwelahan. Super na kapanahunan na talaga! Ngayon hindi ba't ganun na talaga? Maging ang mga kaiglesyahan ay may ganun na rin sila, wala na silang sapat na pagkilos sa kanila, kaya nagpapatayo sila nitong—nitong—nitong silid na dun ay palaro-laro silang lahat sa loob at lulundag-lundag taas-baba. Nung araw ang Espiritu ang mismong kumikilos sa kanila para gawin nila 'yun, pero ngayon kinakailangan nilang manggaling sa loob nun, 'yun kasi ang super na panahon nila. Kita n'yo, papunta na lahat sa espirituwal na kadiliman, sa dakilang panahon na ito na ating kinabubuhayan.

22 Alam n'yo, ang Kanyang bayan, ang bayan ng Diyos sa Biblia, sila nga'y laging binabalaan, ng Diyos, na magmatyag

sa mga tanda ng panahon. Si Jesus, nung nandito pa Siya noon sa lupa, sinabi Niya sa mga Fariseo nung panahon Niya, sabi Niya, "Kayong mga bulag na Fariseo." Sabi, "Lumalabas kayo sa gabi't tumitingin at nakikitang ang langit ay maaliwalas at mapula," sabi, "'Bukas,' sasabihin ninyo, 'magiging maaliwalas ang araw.'" Tapos sabi Niya, "Pagkatapos lalabas kayo at kung makulimlim nga, na tila ba nangangalit, hayan nga't, 'Bukas ay uunos.'" Sabi Niya, "Kayo'y marurunong magsikilala ng anyo ng mga langit, datapuwat ang tanda ng panahon ay di man lang ninyo nakikilala." Sabi, "Kung nakilala ninyo lang sana Ako, ay nakilala sana ninyo ang Aking araw. Kung kilala ninyo si Moises," sabi Niya, "ay nakilala ninyo sana Ako, sapagkat sumulat si Moises patungkol sa Akin."

23 Ang dapat nga sana, gaya ng sinasabi ko, ay makilala nila na 'yung Kasulatan na dapat matupad sa panahon na 'yun ay natutupad na pala, at ang kaso ay di nila 'yun nalaman. Ang mga—mga mata nila'y labis kasing nakatuon sa mga tradisyon nila, at mga bagay-bagay, na di tuloy nila nakita ang aktuwal na Kasulatan na nahahayag na pala sa mismong harapan nila.

24 Maihahalintulad ko nga ang kapanahunang ito ngayon sa panahong 'yun. Na haya't kahit sa—sa mismong mga maiinam na tao, minsan nga'y, bigo silang makita ito. Lalayuan lang nila, at, kung sa totoo lang, ako—ako. . .Aayaw na ako kung di ko lang alam na sinabi ni Jesus ang gagawin Niya sa bagay na 'yun, na, "Walang makalalapit maliban na ang Aking Ama ang sa kanya'y magdala, at ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit." Hindi nila talaga Ito makikita. Sinabi Niya, "Ganap ngang nangusap si Isaias tungkol sa inyo, na ang sabi, 'Kayo'y may mga mata at hindi nangakikita, may mga tainga at di naman nangakaririnig.'" Kalunus-lunos tingnan, pero ganun nga sila.

25 At ngayon nakikita natin na sadyang ganun na ganun din ang pag-iral nito sa panahon ngayon, kung kailan batid nating nabubuhay na tayo sa oras na pinalilibutan na ng masalimuot na kadiliman ang sanlibutan at ang mga tao. At nalaman natin, na sa lahat ng modernong natamo, ng super na kapanahunan na ito, at mga bagay-bagay, sa kinabubuhayan natin, ay tanda nga ang mga ito ng masalimuot na kadiliman sa espirituwal na dako. Nasa kapanahunan tayo ng Laodicea, kung saan ang mga tao'y malahininga. Marahil nagsisipunta sila ng simbahan, at ginagawa naman 'yan ng mga tao, at—at mukha namang may gana silang magsipunta ng simbahan; pero ang magkaroon ng pagkaalam patungkol sa Espiritu, ang oras na kinabubuhayan nila, ang ilan nga sa kanila'y bulag na maituturing sa mga bagay na ito. Kahit ano pang gawin ng Diyos, at gaano pang patunayan ito nang husto ng Kanyang Salita, haya't di pa rin nila ito makita-kita. Iniisip ko ngang hindi ba't katulad ito dun sa sinabi Niya, "Mayroon tayong mga mata, ngunit hindi tayo

makakita." Dapat nating igala ang ating paningin sa paligid at makita na itong lahat ng mga bagay na ito na nagaganap ay tanda na malapit na ang wakas, dahil ang mga bagay na ito ang naihula na nung una na magaganap sa panahong 'yun.

26 Nais kong pansinin n'yo ang di-nagbabagong kontinuwidad ng Salita ng Diyos at ng mga gawa Niya. Kita n'yo, ni minsan ay di Siya nagbabago ng Kanyang—Kanyang programa. Di Siya nagbabago ng Kanyang pagkilos. Sadyang ganap lagi, ang Kasulatan ay may ganap na pagkakasundo-sundo. Lahat ng gawin ng Diyos ay may pagkakasundo sa kung ano nang mga ginawa Niya noon. Kita n'yo? At kung anong ginawa Niya nung una, ay, gagawin Niya sa ikalawang pagkakataon nang pareho.

27 At para patunayan sa inyo, nagtakda Siya ng mga batas sa lupa. At noon pa ma'y binibigyan na Niya ang Kanyang bayan ng isang tanda bago maganap ang isang kaganapan. Ngayon sa tuwina nga'y 'yan ang ginagawa Niya. At lagi Niyang gagawin 'yun sa tuwina, dahil Siya ang di-nagbabagong Diyos. "Ako ang Diyos," sabi Niya, "Ako'y hindi nagbabago." Kung ano ang pamamaraan ng pagsasaayos Niya ng programa Niya doon sa pasimula, ay gayundin ito sa bawat kapanahunan. Di Niya 'yun binabago.

28 Noong itakda Niya ang mundo na uminog sa batayan ng dalawampu't apat na oras; marahil may daylight-saving times na pag-ooras tayo, at lahat na ng iba't ibang pag-ooras, pero di nun mababago ang ikot ng mundo. Kinukumpleto ng mundo ang sangbuong ikot niya kada dalawampu't apat na oras, na pag-ikot. Di nababago ang mga panahon, ang Diyos nga'y may tagsibol, tag-araw, taglamig, na saktong ganun na ganun lagi sa kung ano 'yung mayroon noon. Ganun kasi ang pamamaraan Niya dun sa una noon, kaya ganun din ang pamamaraan Niya sa tuwina. Ang pagkakasundo-sundo ng Kanyang mga batas, at ng Kanyang Salita, at ng Kanyang mga gawa, sadya ngang ang lahat ay ganap na naglalakip-lakip sa isa't isa!

29 Samakatwid, kung makatatanaw tayo sa kung ano 'yung naroon noon, ay malalaman natin kung ano ang sa kasalukuyan at kung ano ang sa hinaharap. Maibabatay mo ang pag-iisip mo sa bagay na 'yan, dahil sinasabi ng Kasulatan, "Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

30 Mapapansin nga natin bago dumating ang tagsibol. Masdan n'yo ang ilan sa Kanyang mga batas. "Pagka nakikita na ninyo ang mga punongkahoy na umuusbong na ang mga dahon," sabi Niya, "ay nalalaman ninyo na malapit na ang tag-araw." Ang tagsibol ay isa ngang tanda ng pagsisimulang pagdating ng tag-araw. Yan ang batas. Ganun lagi ang pag-iral nito. Di puwede 'yung wala kayong tag-araw, at tapos pagsapit nung taglamig magsisilaglagan 'yung mga dahon. Di ganun, kinakailangang may mga dahon muna kayo, dahil 'yun ang pagsisimula dun sa

Kanyang mga batas ng kalikasan, na dapat may tagsibol muna na darating. Di 'yun nabibigo. Kapag nakikita n'yo na ang mga punongkahoy na nananariwa na, sa palibot nung balat nun, at 'yung mga maliliit na dahon nun ay unti-unti nang umuusbong, ay alam n'yo nga na tanda na 'yan na narito na ang tagsibol, paparating na.

31 Kapag nakikita n'yo ang taglagas para sa taon na 'yun bago pa man tayo magkaroon nung niyebe o anuman, at 'yung mga dahon ay nagsisilaglagan na sa mga puno, sasabihin n'yo nga, "Buweno, malapit na ang taglagas." Papaano n'yo 'yun nalaman? Dahil nga nagsisilaglagan na ang mga dahon. Ang kalikasan ay naghahanda na para dun. Pareho 'yun taon-taon.

32 Binigyan din Niya tayo ng tanda sa pagbabago-bago ng panahon. Marahil lalabas ka't magmamatyag ka, kagaya nung sinabi Niya, "Nakikita ninyong mapula at makulimlim ang langit, bukas ay uunos." At di Niya 'yan binababago. Lagi Siyang nagbababala sa atin. Malalanghap mo, mararamdaman mo ang hangin na nagsisimula munang maging mahalumigmig, nang maaga-aga bago ang bagyo, at masdan n'yo nga ang kalikasan na kumikilos nang may buong paglalakip dun. Isa 'yung tanda.

33 Gaya ng malimit kong sabihin, "Kung walang Biblia, batid ko pa ring may Diyos, sa pagmasid ko pa lang sa kalikasan sa pagkilos nito." Ito kasi'y mga batas Niya, lahat ng 'yun ay may pagkakasundo-sundo sa isa't isa. Ang Salita Niya'y mayroong kontinuwidad; hindi Ito puwedeng mabigo. Ang mga tanda Niya'y may pagkakasundo-sundo sa panahon. Ang mga tanda'y nandun mismo sa Biblia. Ang mga tanda'y nandun mismo sa buwan. Ang mga tanda'y nandun mismo sa langit. Ang mga tanda'y nandun mismo sa lupa. Ang mga tanda'y nandun mismo sa iglesya. At maaari nga nating ilibot ang ating mga paningin sa iglesya, ngayon, at makikita nating hinog na talaga ang tanda para sa Kanyang pagdating.

34 Halimbawa, itong paraan ng pagkilos nito sa kalikasan. Dun sa hilagang kagubatan na pinupuntahan ko, kung saan ako nangangaso, bago pa man kami datnan ng—ng lamig ng panahon; 'yung mga maliliit na itik ay nagsisilikas sila mula Louisiana, paparoon sila sa hilaga't magsisigawa ng mga pugad dun, at pipisain nila 'yung mga sisiw nila. Sa kaunti't unang pag-ihip pa lang ng malamig na hangin dun sa ibabaw ng mga burol dun kapag binabalot na ng niyebe 'yung ituktok ng mga kabundukan, nariya't 'yung maliliit na mga itik na sa dakong 'yun pinalaki, haya't sila'y di pa nakakapunta kahit kailan sa dako ng lawa, mangyari ngang magsisilipad sila pabalik diretso sa Louisiana sa abot ng makakaya nila. Yan ang kalikasan, kita n'yo, mga batas ng kalikasan. Ginagawa nila 'yun taon-taon. At mangyari ring, malalaman mo na lang, dito sa bandang ibaba sa Louisiana kapag 'yung mainit na araw ay nagsisimula nang bumuhos, bumuhos dito sa Louisiana, masdan n'yo nga silang

lahat na nagkakatipun-tipon, sama-sama uling magdadagsaan, at lilipad muli pabalik dun sa kabundukan.

35 Masdan n'yo nga itong mga gansa rito sa Texas, kung saan marami sa kanila ang pumupunta. Naranasan ko na 'yung may isang beses na kailangan naming ihinto ang kotse, sa daan. Di nga nila alintana ang sinuman. Ang iniisip nila'y makarating sila. May nagaganap silang rebaybal. Lahat sila'y magtitipun-tipon, di ka pa nakakarinig ng ganung katinding ingay. Grabe pa sa pagkakaingay ng mga Pentecostal, kapag nagkakatipun-tipon sila. Kita n'yo? Ano 'yun? Batas 'yun ng kalikasan. Kita n'yo, sila, taon-taon nagkakatipon sila, tapos magsisilipad na't, sila'y magsisilisan. Kapag lumilisan na ang mga itik, at 'yung mga gansa'y lumilisan na rin ng Texas, paparating na ang tag-init. Siyanga.

36 At kapag lumilisan na sila ng hilagang British Columbia, taglamig naman ang papalapit; maririnig n'yo 'yung mga gansa na papalipad sila sa ibabaw, nagkakaingay gaya ng ginagawa nila, patungong timog. Maririnig ko nga sila't mapapaiyak ako, dahil nakikita ko ang Diyos na ginagabayan sila. Ano 'yun na gumagabay sa kanila sa himpapawid na wala namang kalsada, na kung tutuusin ay mangmang na hayop lang naman siya? Ano 'yun na gumagawa nun? Haya't maririnig ko siyang papunta ng timog, humihiyaw, 'yung pinaka pinuno nila dun, na tila may sinusundan siyang daan; marahil ay di pa niya nararanasang lumipad papuntang Louisiana dati, pero makakarating siya. Huwag kayong mag-alala. May kung anong bagay sa loob niya ang nagsasabi sa kanya kung saan siya patungo. Siya nga'y lumilipad-lipad dun. Pinangungunahan niya ang kawan. Ang buong kawan nila'y paparating na. Marahil ay hindi pa sila nakakarating dito kahit kailan dati. Pero batid nga niya mismo kung nasaan ang—ang mga palayang may palay, dahil may kung anong bagay siyang taglay niya na nangunguna sa kanya. Isang kalikasan.

37 Pagkatapos pagsapit ng tagsibol, kapag naging mainam na't mainit na rito pagkatapos ng taglamig, siya nga'y lilipad uli dun pabalik. Bakit? Ang kalikasan nga 'yun na ipinapakita nito ang sarili nito. Mga batas nga ito ng Diyos.

38 Sa tuwina nga'y nagiging tagapagpauna ng Kanyang mga kaganapan ang Kanyang mga tanda, gaya ng ginagawa nun. Kapag nakikita n'yo ang mga gansa na nagsisiliparan, nakikita ang mga usbong na nagsisilitawan na, nakikita ang mga dahon na nagsisilaglagan na, kita n'yo, 'yun ang pagkakasundo-sundo ng kalikasan na nagkakalakip-lakip. Lumalakip ang batas ng kalikasan ng Diyos, at nagpapauna Siya bago pa man ang mga kaganapan Niya. Ganoon nga 'yun noon pa man, hindi 'yun nabigo ni minsan, at di 'yun kailanman mabibigo.

39 Kung susundan natin ang kontinuwidad ng Salita ng Diyos, di rin tayo kailanman mabibigo, siyanga naman. Kung di natin susundan ang—ang modernong kalakaran ng panahon ngayon at—at susubukan nating magpasok ng kung anu-anong iba dun, bagkus ay susunod lamang tayo dun sa kontinuwidad nito para sa panahong ito, masdan n'yo nga ang mangyayari. Tayo rin ay uuwi na diretso sa tahanan, siyanga, isa sa mga araw na ito. Ganoon 'yun sa tuwina, at di 'yun kailanman nabibigo.

40 Ang mga propeta ang pangunahing tanda. Pangunahing tanda ng Diyos ang propeta. Ngayon ako'y mangungusap lang nang ilang minuto tungkol diyan. Sila'y ang Kanyang Salita na nahayag para sa isang kapanahunang 'yun, at 'yan ang dahilan kung bakit ang propeta sa tuwina ang pangunahing tanda ng Diyos. Kahit kailan ay di Siya nagpadala ng paghatol sa lupa nang di muna nagsusugo ng isang propeta. Sige po't tingnan n'yo, saliksikin n'yo ang mga Kasulatan. Ang propeta nga ang pangunahing tanda ng Diyos, sa Kanyang bayan, na Kanyang isinugo ang taong ito, itong isang taong ito, gaya ni Noe, gaya ni Moises, at—at ni Elias at mga propeta. Kanyang isinugo sila para ihayag ang Salita para sa kapanahunang 'yun, upang bigyan ng babala ang Kanyang bayan.

41 Kagaya nung nagpadala Siya ng lamig ng panahon dun sa mga itik, upang pakilusin sila mula Hilaga patungong Timog; kontinuwidad sa kalikasan, kontinuwidad sa Salita, hindi Siya nabigo na gawin 'yun nang sadyang ganun kahit kailan. Kung malamig na panahon ang nagpakilos sa kanila na magpunta ng timog, sa susunod na taon ay malamig na panahon pa rin ang magpapakilos sa kanila na magpunta roon. Kung mainit na panahon ang magpapakilos sa kanila pabalik, sa susunod na taon ay mainit na panahon pa rin ang magpapakilos sa kanila na bumalik.

42 At kapag handa na ang Diyos na magpadala ng paghatol, bago Niya ipadala ang hatol, Kanyang isusugo muna ang isang propeta at ihahayag ang Kanyang Salita, patototohanan ang Salita para sa kapanahunang 'yun. Ganoon ang ginawa Niya sa iba pang kapanahunan. Ipinangako Niya na ganoon din ang gagawin sa kapanahunang ito. At ganoon nga ang gagawin Niya sa kapanahunang ito, anupaman ang sabi-sabihin ng mga tao tungkol dito. Gagawin Niya 'yun, anupa't anuman, dahil di Niya maaaring baliin ang Kanyang kontinuwidad. Kung paano Niya 'yun pinlano, ganun Niya 'yun gagawin sa tuwina nang pareho. Ni kailanman ay di Siya nabigong gawin 'yun kagaya ng pagkakagawa Niya dun sa unang pagkakataon.

43 Kagaya ni Juan Bautista, ngayon, noo'y may apat-na-raang taon tayo, mula kay Malakias hanggang kay Juan, na walang naging tanda, propeta ng Lumang Tipan, nang ganoong katagal na agwat ng panahon (maliban dun sa panahon ng mga hukom) na wala man lang propeta. Anong nangyari dun, bakit di sila

nagkaroon ng propeta nung panahong 'yun? Wala kasing Salita na inilagay para sa panahong 'yun. Kinailangan nila roong maghintay hanggang maging husto ang panahon. Kinailangan nilang maghintay. Yung propesiya dun sa Malakias ang sabi dun, sa may Malakias 3, "Narito, Aking sinusugo ang Aking sugo sa unahan Ko, siya'y maghahanda ng daan sa harap Ko," Malakias 3:1. Ngayon, hayan nga ang propesiya ni Malakias patungkol sa pagparito ng Panginoong Jesus. Walang anumang kaganapan ang mangyayari sa pagitan ng panahong 'yun, kaya naman ang iglesya'y nagpahapay-hapay at lumakad sa sarili nitong daan, hanggang sa ang oras ng pangako'y papalapit na.

44 At nung ang oras ng pangako'y papalapit na, ang Diyos, sa sobrenatural na kaparaanan, pinadala si Juan sa lupa. Isa nga siyang lalaking ipinanganak ng babae, siyanga naman, at alam natin na ang nanay niya'y ang pangalan ay "Elisabet" at ang tatay niya'y ang pangalan ay "Zacarias." Mabubuti silang tao. At ang tatay pa nga niya'y isang saserdote. Kinagawian na 'yun nung araw na 'yun na ang mga batang lalaki'y dapat sumunod sa—sa trabaho ng kanilang tatay, pero itinuro sa atin na itong si Juan, noong siyam na taong gulang siya, matapos mamatay nung kanyang tatay, nagtungo siya sa ilang at namalagi roon nang mag-isa hanggang sa mag-trenta siya.

45 Kita n'yo, kung siya'y naging katulad ng kung ano 'yung tatay niya noon, iwawala lamang nila siya sa ayos hanggang sa hindi siya magkakaroon ng pagkabatid kung papaano makikita ang Mesiyas na iyon kapag dumating na Siya. Hindi niya sana Siya nakilala. Pero namalagi nga siya dun sa ilang. Kung sa seminaryo siya nagpunta, taglay-taglay ang siya ring kaisipan ng kanyang tatay, ang mangyayari nga'y bawat isa sa kanila dun ay magsasabi, "Ngayon, Juan, nauunawaan namin na ikaw 'yung isang 'yun na makakakilala sa Mesiyas sa pagparito Niya. Ngayon, maaari bang sa iyong palagay ay si Kapatid na *Ganito-at-ganoon* dito'y hindi ba't akmang-akma sa kanya ang kuwalipikasyon na 'yun? Anong palagay mo rito kay Caifas, na punong saserdote natin ngayon, hindi ba't sa tingin mo rin ay kahanga-hanga naman siyang lalaki?" Karga-karga sana niya ang lahat ng 'yun dun sa banal niyang kaisipan, at di na niya magagawang makapag-isip nang diretso.

46 Nagpunta siya sa ilang, at naghintay! Ang gawain niya'y lubos na mas dakila pa kaysa sa kayang gawin ng edukasyon. Ang gawain niya'y lubos na mas dakila pa kaysa sa kayang gawin ng teolohiya. Siya ang magpapakilala sa Mesiyas. At namalagi siya sa may ilang.

47 Pagmasdan n'yo ang pangangaral niya. Yung pangangaral niya'y hindi 'yung etika ng—ng teolohiya nung panahong 'yun. Napansin n'yo nga na hindi ganun. Tungkol saan ang sinasabi niya? Palakol sa punongkahoy, mga serpiyente. Kita n'yo, 'yun kasi ang buong nalalaman niya. Lumaki siya dun sa ilang. Yun

ang alam niya: mga serpiyente, at mga puno, at mga palakol, at iba pa. At dun nakabatay ang mensahe niya, kalikasan. Nung sabihin niya, “Kayong lahi ng mga ulupong, sino ang sa inyo’y nagpaunawa upang magsitakas sa galit na darating? Huwag nga kayong mangag-isip na si Abraham ang inyong ama, dahil mapangyayari ng Diyos na makapagpalitaw ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito. At gayundin pa’y nakalagay na ang palakol sa ugat ng punongkahoy; at bawat punongkahoy nga na hindi nagbubungang mabuti ay pinuputol, at inihahagis sa apoy.” Sabi, “Sa katotohanan ay binabautismuhan ko kayo sa tubig sa pagsisisi. Datapuwat may Isang dumarating sa hulihan ko na hindi ako karapat-dapat magdala ng Kanyang panyapak, Siya ang sa inyo’y magbabautismo sa Espiritu Santo, at apoy. Nasa Kanyang kamay ang Kanyang kalaykay; lilinisin Niyang lubos ang kanyang giikan, at susunugin ang dayami ng apoy na hindi mapapatay, at dadalhin ang trigo sa bangan.” Amen.

48 Hayan nga ang lalaking ito, tunay na propeta nga. May tanda siya na kinakailangan niyang bantayan. At nung makita niya ang Mesiyas, siguradong-sigurado siya na Siya’y darating sa panahon niya, tiyak na tiyak nga siya. Oh, kung magagawa lamang ng Iglesya na makadako sa tiyak Nitong posisyon, kung mababatid lamang Nito ang Kanyang katayuan sa oras na ito! Dahil, ayon sa Kasulatan, siya ang magpapakilala sa Mesiyas, at nalalaman nga niya na Siya’y paparito sa lupa sa mga araw na ’yun ng kanyang pagpo-propesiya. Kaya ibig sabihin Siya’y malapit lamang dun sa dako kung saan siya nangangaral, na mangyari ngang sinabi niya, “May Isang nakatayo sa gitna ninyo ngayon, na hindi ninyo nakikilala, Isa sa gitna ninyo ngayon.” Nabatid niya ’yun. Naroon Siya. Malapit na ang oras. Nabatid niya ’yun.

49 Isang araw tumanaw siya, bumababa mula sa Langit. . . At nakakita siya roon ng isang—isang Liwanag, na gaya ng isang kalapating bumababa mula sa Langit. At dun sa Isang ’yun na inilawan Nito, sabi niya, “Pinatototohanan ko na ito ang Anak ng Diyos.” Nakita niya Iyon. “Sapagkat Kanyang, sa ilang, ay sinabi sa akin na, ‘Ang makita mong babaan ng Espiritu at panahanan, iyon nga Siya na magbabautismo sa Espiritu Santo at Apoy.’”

50 Isa nga siyang lalaking isinugo mula sa Diyos, sinanay ng Diyos, at gumagawa para sa Diyos at siya’y naging. . . Siya nga ang propeta, at ang Salita’y dumating dun sa kanya, katulad ng sinabi ko noong isang gabi, dun sa tubig. Siya ang Salita para sa. . . ng Diyos, para sa panahon na iprinopesiya ni Malakias. Sinabi na noon ni Malakias na may ganoon ngang tao, at si Juan yaong dumating sa eksena, isang propeta, na tutupad sa Salita ng Panginoon, para sa panahong ’yun. Kaya, naman, siya yaong naging tanda para sa Israel, kung nakuha lamang sana nilang malaman ang tanda na ’yun.

51 Kahit nga ’yung mga alagad ang sabi nila, “Bakit sinabi ng mga eskriba na kinakailangang may propetang, kinakailangang pumarito muna si Elias?”

Sabi Niya, “Naparito na si Elias, at di ninyo siya nakilala.”

52 Napakasimple nga ng pamamaraang ginawa dun ng Diyos, sa pagpulot nung hinirang na binhi, na ang iba’y di nila ’yun makita-kita. Yun ang katotohanan.

53 Ilan kaya ’yung mga lalaking pantas dun sa Babilonia noon, na nagsisipag-aral ng astronomiya, nung mabatid nung tatlong lalaking pantas na kapag, sa kabila nun, dun sa kalawakan, kapag ’yung tatlong bituwin doon ay luminya na, ’yun nga’y tanda na ang Mesiyas ay nasa lupa na? Nabatid nga nila ’yun. Sinampalatayanan nila ’yun. At sila lang ang bukod-tanging nakakita nung mga bituwin. Yung iba sa kanila roo’y di ’yun nakita. Nasa tama naman silang konstelasyon nung mga ’yun, pero nakita nila ’yun sa paraan na inilahad ’yun ng Diyos sa kanila.

54 Ganyan na ganyan din ang Ebanghelyo sa panahong ito ngayon. Makikita lamang ito sa paraan na ilalahad ito ng Diyos sa inyo. At kung ito’y ilalahad sa inyo sa pamamaraang labas sa kontinuwidad ng Biblia, kung ganun ay hindi ang Diyos ang nagsasalita nito sa inyo. Amen. Di mo magagawang pagsalitain ng kasinungalingan ang Biblia. Ito kasi ang di-nagkakamaling Salita ng Diyos. At kinakailangan ngang sumang-ayon ito sa pagkakasundo-sundo ng Kanyang, iba pa Niyang Salita. Di nga maaaring sa banda rito ay *ganito* ang sinasabi, at tapos *ganito* nama’t iba sa kabila; at kapag *dito* gagawin sa kabila, tatama, magkakalat-kalat. Tinatamaan Niya ang pinaka pakay sa lahat ng pagkakataon, tinatamaan nitong Salita, kaya kinakailangan n’yo talagang iayon ’yun sa kontinuwidad ng iba pang bahagi ng Salita. Kaya naman, ang Kanyang pamamaraan sa tuwina, sa Salita, ay magsugo ng propeta bago ang panahon na ’yun, bago Niya patotohanan ang Kanyang Salita.

55 Ngayon marahil ay mangusap tayo rito, nang ilang saglit, tungkol sa kung ano ang *propeta*. Ngayon sa terminolohiyang Ingles, ayon sa terminolohiyang Ingles nito, ang ibig sabihin nito’y isang “mangangaral.” Buweno, ’yan ang terminolohiyang Ingles nito. Pero sa terminolohiyang Hebreo, tinatawag itong “tagakita.”

56 At ang isang tagakita ay yaong isa na ’yun na nagtataglay ng interpretasyon nung nasusulat na Salita, at kanyang pauna nang nakikita ang mga bagay-bagay na paparating pa lang. At kapag sasalitain niya ang mga bagay na paparating pa lang, at siya’y mapatunayan na isang tagakita talaga, malalaman nga niya. Malalaman nila na taglay niya ang tamang interpretasyon ng Kasulatan, dahil ang Diyos, sa pamamagitan niya, ihahayag ang nasusulat na Kasulatan para sa panahon na ’yun. Amen.

Huwag kayong magpahapay-hapay. Gumising kayo! Ganoon ang tahasan na pagkakakilanlan, ng isang tagakita, paunang-tagapagsabi at tagapagsabing-pauna. At ang tanging paraan para mabatid nilang nakukuha niya ang tamang interpretasyon patungkol sa Kasulatan, ay sa kadahilanang ang sinasalita niya ay nagkakaroon ng katuparan. Kaya naman sa ganoon ay mababatid nilang siya'y tinawag ng Diyos, 'yun ang sinabi ng Diyos. At kapag napansin nilang nagkagayon na nga ito, ito'y tutugaygay nang may pagkakasundo-sundo pabalik sa Salita para sa panahon na 'yun.

57 Sinabi ni Jesus, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan!" Nung makita nga nila na kaya Niyang kumilala ng pag-iisip na nasa kanilang kaisipan, at tinawag nila Siyang Beelzebub, ang sabi Niya, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, Itong mga Ito ang siya namang nagpapatotoo patungkol sa Akin." Hayan nga ang pagkakasundo-sundo ng mga Kasulatan na tumutugaygay nang ganap sa tanda ng panahon! Siya ang tanda ng Diyos para sa panahon na 'yun. Siya ang kahayagan ng nasusulat na Salita, at may kakayahang paunang sabihin na kung ano bang magaganap, at di nila 'yun maikakaila. Siya ang super na tanda ng panahon na 'yun. Siya ngang talaga.

58 Pansinin n'yo ang kontinuwidad ng Salita Niyang ito na di-nagbabago, gayundin ang Espiritu Santo. Ang sabi ni Jesus, "Pagdating sa inyo ng Espiritu Santo, ipapaalala Niya sa inyo, o ipapahayag ang mga bagay na ito na Aking sinalita sa inyo, at gayundin ay ipapakita sa inyo ang mga bagay na darating." Ngayon ang Biblia . . .

59 Ang mga tao ngayon sinasabi nila, "Walang ganyang bagay na tulad n'yan na propeta, dito sa mundo."

60 Buweno, kung ganoon ay bakit nagtalaga ng ganun si Pablo sa iglesya? "Una-una'y mga apostol, mga propeta, mga guro, mga pastor, at mga ebanghelista." Tunay ngang, mayroon.

61 Ang Espiritu Santo ay ang Propeta. "Pagdating Niya nitong Espiritu Santo sa inyo, Siya ay maghahayag, o magtuturo sa inyo, magpapakita sa inyo. Ang lahat ng mga bagay na ito na sinasabi ko sa inyo ay nasa patalinghagang lahat, hindi ninyo mauunawaan ang mga ito ngayon sapagkat hindi ito para sa inyong panahon ngayon. Ngunit pagdating ng Espiritu Santo, isasakatuparan Niya ang mga bagay na ito, na mga pangako mismo. Di lang 'yun, bagkus ipapakita pa Niya sa inyo ang mga bagay-bagay na darating."

62 Luwalhati! Ang kontinuwidad ng Salita ng Diyos, pangako ng Diyos, Espiritu ng Diyos. Nabubuhay na tayo sa panahon, na napagmamasdan na natin ang paglantad ng mga propesiya ng kapanahunan, na natutupad na. Grabeng dakilang panahon ito na kinabubuhayan natin! Ipinapakita na sa atin ng Espiritu Santo ang mga bagay-bagay na darating.

63 Ang tao nga'y sinusubukan niyang magtamo at gumawa ng pangalan para sa kanyang sarili sa pamamagitan ng gagawin niya ang sarili niya na super na tanda. Ano bang nagbubunsod sa tao para gawin niyang super ang sarili't pangibabawan ang iba? Bakit nga ba niya ginagawa ang ganun? Dahil, dun sa loob niya, siya'y likas. Siya, sa likas, siya'y makasalanan, pero sa katayuan siya'y isang Anak ng Diyos na nahulog sa kasalanan.

64 Bakit nga ba niya iginagawa ang sarili ng isang magandang tahanan, lagi na lang pinagaganda ito nang pinagaganda? Ang dahi-. . . Ang ibon nga'y di naman nito iniiba ang tahanan niya. Yung groundhog nga'y sa lupa pa rin naman naninirahan, gaya ng kung saan ito naninirahan sanlibong taon na ang lumipas. Kita n'yo? Ang ibon nga'y nagtatayo pa rin ng pugad gaya ng ginagawa nito sanlibong taon na ang lumipas. Kita n'yo? Pero ang tao'y lumalago. Bakit? Siya'y . . . at siya'y—at siya'y anak ng Diyos na nahulog sa kasalanan. May kung anong bagay dun sa kaloob-looban niya na nagsasabi sa kanya na may palasyong, higit na mas maganda, at may kung anong bagay nga sa loob niya ang nagsusumikap na hanapin ito. Hinahanap nun ito. Oh, kung pagmamasdan natin ang ilan sa mga tahanang ito ngayon, ano pa kaya 'yung mga tahahang 'yun sa kabilang ibayo? Kung ang isang kalikasang nahulog sa kasalanan ay nakakagawa ng gaya nito ngayon, ano pa kaya 'yung naroon?

65 Pero 'yun nga ang nagbubunsod sa kanya na gawin 'yun, 'yung kalikasan niyang 'yun na nasa loob niya. Gayong siya'y nasa kalagayang nahulog, sumusubok siyang gumawa sa sarili niya ng ganung bagay. Sinusubukan niyang gumawa ng ganun. Mula pa sa simula'y ganun na ito.

66 Si Adan, sinubukan niya noong gumawa ng isang super na relihiyon na wala yaong pagtutubos. Mapasa hanggang ngayon ay ganun pa rin ang ginagawa ng tao. Isang super na relihiyon, gagawa ng relihiyon para makapamuhay siya sa paraang ibig niya, na wala yaong pagtutubos, at natigil lang dun sa panakip. Ganun ang sinubukan niyang gawin dun sa pasimula, at kahit ngayon ay ganun pa rin ang sinusubukan niyang gawin.

67 Pero ang inilaan ng Diyos na paraan ay yaong pagtutubos, at di 'yun puwedeng gumana sa ibang paraan. Kinakailangang tumugaygay pabalik sa pagtutubos.

68 Si Nimrod sinubukan niyang magtayo noon ng super na tore, isang relihiyong tore. Na wala pang kahit sino noon ang. . . Marahil nasa tatlumpung talampakan ang maliit na tore noon, pero ang gusto niya'y magtayo ng isang super na bagay, isang bagay na mas pambihira, kaya nagtayo siya sa sarili niya ng tore. Yun 'yung dun sa panahon niya.

69 Si Nabucodonosor ay nagnais ding magtayo ng isang super na siyudad. Hinango niya 'yun sa disenyo ng Langit, 'yung paduyan-duyan na hardin, 'yung ilog Eufrates, sa tabi ng trono;

katulad na katulad dun sa Tubig ng Buhay, Ilog ng Buhay, na dumadaloy sa tabi ng Luklukan ng Diyos. Sinubukan nga niyang gumawa ng isang super na siyudad.

70 Ang Estados Unidos, mga ilang taon na ang nakararaan, sinubukan nilang gumawa ng isang super na bapor. Kanila ngang ginawa ’yun, na anupa’t sinabi nila, “Di ito kailanman lulubog. Di ito maaaring palubugin.” Inihimlay ng Diyos ang Titanic sa pusod ng dagat. Ipinapakita lang n’yan na ang mga pambihirang nagawa ng tao’y di kailanman magkakaroon ng saysay. Ang lahat ng ’yun ay alabok lang at sa alabok nga’y mauuwi ang lahat, anupaman ’yang nasa kanya.

71 Ang Rusya, ngayon, sinubukan nilang magpalitaw ng mga super na siyentipikong may kakayahang magsagawa ng kung anu-anong siyentipikong mga bagay, para sakupin ang mundo.

72 Ang Pransya, di pa masyadong katagalan, inakala nilang mapapanatili nilang kampante ang sarili nila kasama ang mga kababaihan nila, alak, at pagsasaya; kaya nagtayo sila sa sarili nila, nitong tinatawag na, Maginot Line, nakatutok ang mga kanyon nila sa direksyon ng Alemanya, ang mortal na kaaway. “Magpunta man sila rito! Magagawa pa rin naming mamuhay anumang naisin namin. At ang gagawin lang nami’y magtayo ng malaki’t super na linya sa banda rito, na gawa sa kongkreto, itututok lang namin ang mga kanyon namin. Magpunta man sila rito, pipindutin lang namin ang pindutan; kakanyunin lang sila nang tuluy-tuloy at pupulbusin sila pabalik ng Alemanya.” Nagmartsa ang Alemanya’t inikutan lang ito. Nakalingat sila.

73 Maging tayo’y nakakalingat din! Ang Diyos, sa Kanyang makapangyarihang kamay, ipinakita sa mundong ito na hindi ito makatatayo. Pero haya’t naghangad sila ng super na tanda.

74 Nagtayo sila para sa sarili nila ng Maginot Line, ang kaso’y inikutan lang ito ng Alemanya, dahil nakalingat sila. Mangyari nga, na nung maglagay sila ng kanyon sa toresilya nun, di nila naisip na maaari palang ibaling ’yun sa kabilang direksyon at dun sa kabila magpaputok. Nakalingat sila sa bagay na ’yun.

75 Ganyan na ganyan nga ang pagkalingat ng iglesya ngayon. Nasa kanila nga naman ang super na simbahan. Nasa kanila ang super na denominasyon. Nasa kanila ang mga dumadalong kaysusuper-manamit. Nasa kanilang lahat anumang gustuhin nila, at maging super na mga ministrong super ang edukasyon. Pero nakalingat kayo na ang Salita ng Diyos ay di kailanman maaaring mabigo. Darating at darating lamang ito sa paraan na sinabi ng Diyos na darating ito. Walang kahit anong paraan para iwasa’t ikutan ito.

76 Hayan nga rin ang Alemanya, pagkatapos nun. Inakala nila na isang magandang ideya ’yun, kaya sinubukan nilang ayusin ’yun at ibinaling nila ’yung mga kanyon sa kabilang direksyon. Mangyaring nagtayo rin sila sa sarili nila ng ganung

linya, na ang tawag ay Siegfried Line, pero pinulbos naman sila nung pambobomba mula sa himpapawid ng mga Amerikano. Kita n'yo?

Sinusubukan nilang gumawa ng kung anu-anong bagay na super, super, sa tuwina.

77 Ang mga iglesya ngayon naghahangad silang magkaroon ng super na denominasyon. Mahaba-habang panahon na nating pinagsusumikapang gawin 'yun, aangkinin lahat ng Methodist, aangkinin lahat ng mga Baptist. Pagkatapos 'yung Pentecostal makikisali na rin dun, mang-aangkin na rin. Ang mga Katoliko aangkinin nilang lahat. Pagkatapos mapagtatanto nila, na sa kani-kanilang kalat-kalat na grupo, di nila kayang gawin 'yun. Pero kung magsasanib-sanib sila sa isa't isa, grabeng tila ba nasa Kasulatan 'yun kung pakikinggan! "Magsanib-sanib tayo! Magsanib-sanib tayo, magagawa natin ito. Magagawa nating itaboy ang komunismo sa karagatan."

78 Wala silang kamalay-malay na ang Diyos ang nagpalitaw sa komunismo para gapiin sila. Napakabigat na salita 'yan para sabihin ng isang mangangaral. Pero sawang-sawa na nga akong marinig itong, "Komunismo! Komunismo!" Alam na alam n'yo ang mga tanda ng komunismo. Pero 'yung panahon na inyong kinabubuhayan, wala man lang kayong kaalam-alam tungkol dito. Di n'yo ba nalalaman na 'yan ang ipinangako ng Diyos na gagawin? Parehong-pareho 'yun noon dun sa pasimula Niya, pinalitaw si Nabucodonosor para wasakin ang Israel, dahil di sila lumalakad sa Kanyang daan. Tahasang itinuturo 'yan ng Biblia, at ito na ang panahon para maganap ang bagay na 'yan.

79 Nalaman natin, sa araw na ito na kinabubuhayan natin, ang lahat ng mga bagay na ito. Walang natatago, bagay ito na inihayag ng Diyos sa Salita, pero bulag na bulag lang talaga ang mga tao para makita ito.

80 Iniisip natin ngayon, "Buweno, ngayon, kung magagawa lang sana natin na magsama-sama sa isang paglalakip sa isa't isa, o sa isang konseho sana, 'sa karamihan ng tagapayo ay may kaligtasan.'"

81 Totoo nga naman 'yun, pero sa anong klaseng karamihan kayo nagpapapayo? Papaano kayo makakalakad nang sama-sama? Papaano n'yo magagawang pagsama-samahin ang mga denominasyong ito na maglakip-lakip? Ang ilan sa kanila'y mananampalataya, at ilan di-mananampalataya, at may iba na kunwari lang na sumasampalataya, papaano n'yo magagawang pagsama-samahin sila't palakaring magkakasama? "Papaanong makalalakad ang dalawa na magkasama liban na sila'y magkasundo?" may nasusulat ding ganun. Tingnan n'yo nga ang ginagawa nila rito, pinaglalakip nila ang kani-kanilang sarili upang maging isang karamihan.

82 May isang beses na ganun ang ginawa nila sa Biblia, noong magipit minsan si Ahab, at, o nagpasabi si Ahab kay Josaphat na kung maaari'y humayo mula—mula Judea at—at tingnan kung magagawa niyang dalhin ang kanyang hukbo at tulungan siyang makidigma sa isang labanan. At si Josaphat, palibhasa'y mananampalatayang nawala lang sa pakikipag-ugnay niya sa kanyang Diyos, nagpunta siya roo't ang sabi, "Sige."

83 Sabi, "May kapirasong lupain sa dakong 'yun na pag-aari natin. Atin 'yun. Ibinigay sa atin 'yun ng Diyos. Ipinarte sa atin ng propeta Josue ang lupaing 'yun, at ngayon nalaman na lang natin na pagmamay-ari na 'yun ng kalaban. Nagpapatubo sila roon ng mga trigo, na sana'y napupunta sa tiyan natin na mga Hebreo, at ngayon sila na ang namamahala sa lugar na 'yun na mga kalaban." Sabi, "Aahon ba tayo roon? Sasama ka ba sa akin?"

84 Buweno, ngayon, si Josaphat, di man lang nag-isip nang ikalawa, sabi, "Aba, siyempre naman. Ang mga karwahe ko'y karwahe mo. Ang mga mangangabayo ko'y mangangabayo mo. Ang mga kawal ko'y kawal mo na rin. Magkapatid tayo. Sige't magkasundo tayo, bumuo tayo ng alyansa't umahon tayo roon." Pagkatapos napaisip siya, "Maigi sigurong sumangguni muna tayo sa Diyos, unang-una sa lahat." Oh, grabe!

85 Bago kayo makisama sa bagay na 'yan, sumangguni muna kayo sa Diyos, unang-una sa lahat. Maigi munang alamin n'yo muna bago n'yo ihalo dun ang iglesya n'yo sa ganung klaseng Babiloniang gaya nun. Dapat n'yo ngang gawin 'yun, o tatak ng hayop ang matatanggap n'yo. Pero sige lang.

86 Sabi nila, sabi ni Ahab, "Siyanga naman, dapat pala'y naisip ko na 'yun agad." Sabi, "May apat-na-raan ako rito sa seminaryo, mga propetang Hebreo, sila ang pinaka mahuhusay rito sa bansa. Wala nang ibang dadaig sa kanila, saanman. Atin silang ipasusundo."

87 At dumating na 'yung mga propeta, at silang lahat dun ay nagsipag-propesiya. Tunay, kumbinsidong-kumbinsido sila na nasa—nasa tama silang ideya, 'yun ang akala nila. Sabi nila, "Tunay, pag-aari nga 'yun ng Israel. Kung ipinagkaloob 'yun ng Diyos sa Israel, pagmamay-ari talaga 'yun ng Israel."

88 Subalit ipinagkakaloob lamang ito ng Diyos sa inyo kapag naabot ang mga kundisyon. Yan ang iniisip ko tungkol sa mga kaloob ng Espiritu, sa Iglesya, ngayon. Maraming nagsasabing dapat nandun naman na talaga. Subalit dumarating lamang ito kapag naabot ang mga kundisyon.

89 May isang kilalang ministro ang nagsabi sa akin, di pa ganoong katagalan, "Tumigil ka na sa pagsasaway mo sa mga kababaiha't kalalakihan, tungkol sa *ganito*, *ganoon*, o *ano pa*?" Sabi, "Itinuturing ka nilang tagakita, o propeta." Sabi, "Bakit

di mo na lang sila turuan kung papaano nila matatanggap ang Espiritu Santo at mga dakilang kaloob?"

Sabi ko, "Ano namang gagawin nila dun?"

90 Sabi, "Iyo, iyo dapat sanang itinuturo sa kanila 'yung mas maiinam na mga bagay kaysa 'yang pinagsusumikapan mong sabihan sila tungkol sa pagpuputol nila ng buhok nila't paano ba sila dapat magsuot ng damit nila, at mga gaya nun. Di mo dapat ginagawa 'yun."

91 Sabi ko, "Papaano ko sila tuturuan ng algebra kung di man lang nila magawang makinig dito sa kanilang ABC?" Kita n'yo? Papaano n'yo gagawin 'yun? Makukuha lang nila . . . Ang Diyos nga'y ipinagkakaloob lamang ang mga kaloob na ito kapag naabot ang mga kundisyon.

92 At ang lupain ngang 'yun ay pagmamay-ari ng Israel, sa kundisyon na manatili itong tapat sa Diyos. Pero tingnan n'yo nga't grabeng suwail nung pastor nilang 'yun doon, hinayaang makapasok ang pagsamba sa diyus-diyosan at lahat na para lumaganap dun. Pero 'yung mga propeta nga, dahil sa iniisip nilang pagmamay-ari 'yun ng Diyos, pagmamay-ari ng Israel, na ipinagkaloob 'yun sa Israel, kanila raw dapat kunin 'yun para mapasakanila.

Katulad na katulad 'yan nang nangyayari ngayon.

93 Pero naaalala n'yo ba nung lahat sila dun ay magpropesiya na nang nagkakaisa, at may isa dun, sa palagay ko, si Zedekias, ginawan niya ang sarili niya ng naglalakihang pares ng sungay na bakal. Sabi niya, "Kunin mo ang mga ito at itulak ang mga taga-Siria palabas ng bansa, sa pamamagitan nito."

94 At sadya bang di dun nasiyahan ang relihiyoso't, mabuting, lalaking 'yun na may mabuting asal, na si Josaphat. Ang sabi niya, "Buweno, wala ka na bang isa pa?"

95 "Isa pa, samantalang may apat-na-raan na tayo rito? Apat-na-raan na 'yan, na may pagkakaisa, sabi, 'Magkaroon tayo ng Konseho ng mga Iglesya. Atin—atin ngang gawin 'yan.'" Kita n'yo, sila nga'y nagkakalakip-lakip dun na nagkakaisa. Sabi, "Sila'y, lahat sila'y, nagkakaisa." Sabi, "Bakit di ka na lang humayo't umahon dun kasama ko?"

96 Sabi niya, "Wala na ba talagang isa pa riyan na maaari mong masangguni, na may ugnayan sa Diyos?"

97 Sabi niya, "Siyanga, mayroon pang isa, pero grabe ang pagkasuklam ko sa taong ito." Hayan nga.

98 "Oh, huwag naman sanang sabihin 'yan ng hari," sabi ni Josaphat. "Sige—sige't pumunta na tayo roo't sumangguni sa kanya at—at tingnan kung ano bang magiging kahihinatnan."

99 Sabi niya, "May isa pa naman, siyanga, may kilala pa ako, 'yung anak ni Imla," sabi, "Si Micaya. Pero," sabi, "suklam

na suklam ako sa kanya." Sabi, "Lagi niya akong isinusumpa. Lagi niyang sinasabi na mali ako at—at naghihintay na raw sa akin ang impiyerno." Sabi, "Ni di ko nga maatim na marinig siyang mangaral. Wala ni isa sa mga ministro ang pumapayag na papasukin siya sa kanilang mga simbahan." Sabi, "Sinipa na namin siya, matagal na, palabas ng asosasyon." Sabi, "Ni di ko nga alam kung saan mo siya matatagpuan."

"Oh," sabi niya, "huwag naman sanang sabihin 'yan ng hari. Sige't sunduin na natin siya."

100 Kaya naman pagkatapos nun sinundo siya ng isa sa mga kasama sa asosasyon. Sabi nito, "Ngayon, Micaya, heto na ang pagkakataon mo para makuha mo uli ang card mo ng pagiging miyembro, kung sasabihin mo lang ang siya ring katulad na bagay na sinasabi nila. Kita mo, kung gagawin mo lang 'yun, kung makiki-ayon ka sa amin, na nararapat na sumapi tayong lahat sa konseho at lahat tayo dun ay magsama-sama, amin ngang . . . ika'y gagawin na naming isa sa amin."

101 Oh, pero ang Diyos nga'y laging may isang tao na titindig sa katotohanan. Sabi niya, "Buhay ang Panginoong Diyos, sasalitain ko lamang kung ano ang sabihin Niya sa akin na salitain." Amen.

102 Iyon na ang tanda para kay Josaphat. Alam n'yo na kung paano tumakbo ang kuwento. At ang sabi niya, "Aba'y, sinabi ng Diyos!" Gayong apat-na-raan dun sa konseho ang laban sa kanya, sa kabila nun ay nanindigan siya. At 'yun ay tanda para kay Josaphat. At kaya naman di magawang makihayo dun ni Josaphat.

103 Pagkatapos ay nakita na natin kung anong kinahantungan nun, dahil ang salita nung lalaking 'yun ay saktong nakalapat dun sa sinalita ng propeta para sa panahon na 'yun ni Ahab, "Sapagkat dinampot niya ang matuwid na si Naboth at pinatay siya, at ano pa, sinabi ng Diyos sa kanya, sa pamamagitan ni propeta Elias, na, 'Hihimuran ng mga aso ang iyong sariling dugo,' siyanga, at ang mangyayari pa'y, haya't sa ganun din ay kakainin si Jezebel." Nagpropesiya siya. Iyon nga ang Salita, at si Micaya ang siyang 'yun na magsasakatuparan nun. Amen.

104 Siya ang tanda ng propeta sa panahong 'yun, kung nakinig lamang sana sila sa kanya. Di kasi 'yun mabibigo kahit kailan. Laging nagpapadala nun ang Diyos.

105 Bawat isa'y laging naghahangad ng tanda. Nararapat lang naman tayong maghanap ng mga tanda. Siyanga naman. Pero relihiyon . . . mga tandang nakabatay sa Kasulatan dapat, hindi mga tandang nakabatay sa relihiyon; mga tanda ng Biblia.

106 Bawat isa'y naghahanap ng tanda, at nalalaman nga nilang ito'y magiging isang super na araw, nakikita ng Diyos ang dulo mula sa pasimula, kaya ang sabi Niya, "Bibigyan ko sila ng isang tanda, isang super na tanda. Bibigyan ko sila ng Walang

Hanggang tanda." Amen. "Bibigyan ko sila nito na kahit kailan ay di nabibigo't kahit kailan ay di lumilipas." Amen. "Sila'y naghahangad ng tanda, kaya bibigyan ko sila ng tanda, isang super na tanda."

107 Hindi Siya dumating sa kinang ng sanlibutan, gaya ng inaasahan nila sa pagdating Niya. Pero ano ang sinabi Niya? "Isang dalaga ang maglilihi." Amen. Iyon ang tanda. Isa 'yung super na tanda. "Isang dalaga ang maglilihi." Amen. Isang super, super na tanda; hindi natural na tanda, bagkus super na tanda; isang dalaga ang maglilihi, kita n'yo, sobrenatural na tanda. Sobrenatural! Isa 'yung super na tanda, dahil kahit kailan di pa 'yun nagagawa ng sinumang dalaga kahit kailan, pero, "Siya nga'y maglilihi."

108 Magiging ano 'yun? "Tatawagin ang Kanyang Pangalan na Emmanuel." Papaanong magiging ganun? "Ang Diyos at tao'y magiging isa." Yun na ang super na tanda.

109 Oh Diyos, kung makikita lang sana 'yun ng sanlibutan, na ang Diyos at tao'y isa na! Ang super na tanda nga'y 'yung unang Lalaking 'yun na pinanahanan ng Diyos; ang lahat ng kung ano ang Diyos ay Kanyang ibinuhos kay Cristo. At ang lahat ng kung ano si Cristo'y Kanyang ibinuhos sa Iglesya. Super na tanda, ang Diyos at ang tao, magkalakip, 'yun ang magiging super na tanda para sa huling panahon, kung kailan ang buong Biblia'y matutupad na sa huling mga araw.

110 Isang super na tanda, "Isang dalaga ang maglilihi. At sa paglilihing ito, kapag iniluwal na Ito, magiging Diyos nga na nahayag sa laman," isang super na tanda. Di pa rin nila 'yun mapani-paniwalaan, pero ganun nga 'yun talaga. Isa pa ring super na tanda.

111 Pansinin n'yo, super na tanda! May superman nga sila sa panahon ngayon, may mga kathang-kuwento sila tungkol sa superman na 'yun, at lahat na ng kung anu-anong super na mga bagay. Pero ang Iglesya nga'y dapat kamit-kamit ang super na tanda, ang Diyos na bumalik sa Iglesya, nahayag sa katawang-tao. Diyos na lumakip sa tao, 'yan ang Kanyang tiyak na super na tanda!

112 Pansinin n'yo ang Walang Hanggang tanda, isa ngang di-nabibigong tanda, hindi Ito mabibigo kahit kailan. Ang tao at. . .Ang Salita at ang tao'y naging isa. Noong ang Salita ng Diyos at tao'y naging isa, gaya ng sinasabi dun sa San Juan unang kabanata, "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. Ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin," iyon nga ang super na tanda.

113 Oh, kung 'yun ang super na tanda para sa araw na 'yun, kapag ang siya ring Espiritu na 'yun na nakay Jesus Cristo'y

pumarito na sa Kanyang Iglesya, upang ihayag ang Salitang nasusulat para sa panahong ito, 'yun pa rin ang super na tanda.

114 Maaaring makamit ng iglesya ang tanda ng Konseho, lahat sila dun ay nagkakaisang naglalakip-lakip para sa huwad na pandaigdigang kapayapaan, at lahat na ng kung anu-anong naisin nila. Marahil sasabihin ng mga Baptist, "Nadagdagan kami ng isa pang milyon nung '44." Marahil makapagyayabang ng tulad nun ang mga Methodist kung naisin nila, Oneness, o mga Trinity man, anuman sila.

115 Pero ang super na tanda, mapasa hanggang ngayon, ang Diyos ay nananatiling totoo sa super na tanda na 'yun: ang Diyos ito na nasa tao, inihahayag ang Salita Niyang nasusulat. Ang Salita Niya, "Kung ang Espiritu Santo'y dumating sa inyo, ihahayag Niya ang mga bagay na ito, ipapakita ang mga ito sa inyo, at ipapakita sa inyo ang mga bagay-bagay na darating." Mga Hebreo 13:8, "Si Jesus Cristo'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Mismo.

116 Ang super na Binhi ni Abraham, Siya nga, super na Anak. Si Abraham ay nagkaroon ng isang anak, nagkaroon siya nun sa pamamagitan ng natural na laman, si Isaac 'yun. Pagkatapos nagkaroon siya ng isa pang Anak, at 'yung Anak na 'yun ay sa pamamagitan ng pananampalataya, si Jesus nga 'yun; Siya ang Anak ni Abraham, Anak ni David, Anak ng Diyos. Kanyang pauna nang nakita 'yun sa pangitain. Ang pananampalataya sa ipinangako Niyang Salita, nahayag sa huling. . .para mahayag, sa huling mga araw na ito, ni Abraham. Mga Binhi dapat tayo ni Abraham. Yamang mga patay na tayo kay Cristo, tayo nga'y Binhi ni Abraham; at tagapagmanang kasama Niya, ayon sa pangako. Ngayon, bakit nga ba ibinigay ang super na tanda na ito kay Abraham? Para nga mahayag itong super na tanda para sa huling panahon na ito. Kinakailangan kasi itong maipakita.

117 Ipinakita ng Diyos kay Abraham ang wakas mula pasimula, at kung ano ang magaganap; ang Diyos na nahayag sa Tao, sa Kanyang super na Anak sa pananampalataya. Isang Tao nga na di maaaring magapi ang Anak na ito; maaaring magapi nila si Isaac, maaaring magapi nila si Jacob, at ang mga salin-lahing sumunod sa kanya, pero ang super na Anak ay di maaaring magapi kahit kailan. Abraham, ang Binhi ni Abraham, ang pananampalatayang ito, na, di sa natural na binhi, bagkus sa pamamagitan ng pananampalatayang natanggap ni Abraham, na hindi sa pamamagitan ng kautusan sa pagtutuli; bagkus sa pamamagitan ng pananampalataya sa Salita, ang Anak nga ni Abraham sa pananampalataya, na samakatwid nga'y si Jesus Cristo. Ngayon, ang iba pa niyang mga anak ay nangamatay silang lahat, pero ang Anak na ito'y di maaaring mapatay. Pinatay nga Siya, pero di nanatiling patay. Di Siya kayang panatilihin dun ng libingan. Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

118 Pansinin n'yo sa Genesis 22:16 at 17, sa itaas nung bundok na ipinakita ng Diyos kay Abraham na dapat niyang puntahan, at dun ay may nakita siyang isang tupang lalaki na nasabit ang mga sungay nun, doon sa ilang. Pansinin n'yo, bilisan na natin. Matapos niyang kunin si Isaac at talian siya, na anak niya sa natural, inihiga siya roon sa—sa may dambana, para kunin ang buhay niya; at pagkatapos nun ay nakaumang na siyang kunin ang buhay niya, sa pagtalima sa pag-ibig sa Diyos. At, nung iniumang na niya, bigla na lang may nangyari. May narinig siyang Tinig, na ang sabi, "Abraham, ihinto mo ang kamay mo, sapagkat nalalaman Kong iniibig mo Ako." At pagkatapos nun may narinig siya roong isang—isang lalaking tupa na umuunga, nakasabit ang mga sungay nun sa ilang, sa likuran niya. At tinawag niya ang lugar na 'yun na Jehovah-jireh.

119 Pansinin n'yo, sinabi ng Diyos, "At ang iyong binhi," binhi po ni Abraham, "ay kakamtin ang pintuang-bayan ng kanyang mga kaaway." Kukunin niya ang pintuang-bayan, kakamtin ang pintuang-bayan. Ipinangako Niya 'yun. Ngayon, 'yun na 'yun ang ginawa ng natural niyang binhi. Lahat ng natural na binhi ni Abraham ay yaong mga propetang lumitaw kasunod niya.

120 Nariyan si Moises, binhi ni Abraham, at, nung kumilos siya, nagtungo siya roon sa pintuang-bayan, sa pagganap niya sa kanyang tungkulin. Nagtungo siya roon sa pintuang-bayan ng Dagat na Pula, pagkatapos niyang ituro sa mga anak ni Israel ang tungkol sa lupang pangako na ipinangako ng Diyos. Siya'y propeta ng Diyos. Nahayag siya sa harap ng mga tao, bilang propeta ng Diyos. Lumikha ang Diyos, sa pamamagitan niya. Gumawa ang Diyos ng samu't saring tanda at kababalaghan, sa pamamagitan niya. At nanatili siya nang eksakto sa Salita ng Diyos, dahil inuna niya ang Diyos, una sa lahat. At alam niya ang posisyon niya. Alam niyang isinilang siya sa kapanahunang 'yun, para ihayag ang Salita ng Diyos sa panahon na 'yun. At pagkatapos nun, doon sa pagganap niya ng kanyang tungkulin, humarap siya sa isang bagay na di niya malaman-laman ang gagawin, 'yun ngang Dagat na Pula. Buweno, anong nangyari? Ang binhi nga ni Abraham ay may pangakong kakamtin nito ang pintuang-bayan ng mga kaaway. Kaya nung ang Dagat na Pula'y nagmistulang pintuang-bayan na di niya magapi-gapi, kumilos ang Diyos sa eksena't kinubkob ang pintuang-bayan na 'yun at hinawi 'yung maalis, at tinawid ni Moises ang dagat sa tuyong lupa. Nakamit ng binhi niya ang pintuang-bayan.

121 Ang mga binatang Hebreo kanilang kinamit ang pintuang-bayan sa naglalagablab na hurnong 'yun na haya't di nga sila natupok nun.

122 Si Daniel kanyang kinamit ang pintuang-bayan sa mga bibig ng leon na haya't di nila mabuka 'yun para kainin siya.

123 Si Samson, may isang beses na nasukol. . . Sinukol siya ng mga tao para makulong siya sa isang siyudad. At, nung kumilos na siya, binunot niya mula dun sa batuhan 'yung naglalakihang pintuang-bayan, ipinasan niya sa kanyang balikat at lumakad papunta sa taluktok ng burol. Papaanong nagawa niya? Siya'y nasa tipan pa rin noon, nakaladlad pa ang tirintas niya. Naroon pa rin noon ang pangako, "At kanyang kakamtin ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway." Amen. Totoo, siyanga.

Lahat ng mga ito'y nangamatay din sila, mga magigiting na mandirigma ng pananampalataya. Lahat sila'y nangamatay.

124 Pagkatapos dumating na sa eksena ang super na Binhi ni Abraham, ang maharlikang Binhi, ang super, na maharlikang Binhi, si Jesus Cristo, Anak ni Abraham sa pananampalataya; na kanyang nakita sa pamamagitan ng pananampalataya, sa pamamagitan ng ipinangako ng Diyos, na kanyang pagpapalain ang lahat-lahat, magiging ama ng maraming bansa. Ang super Niyang Binhi'y dumating sa eksena.

125 Yung iba pa'y ano ang ginawa nila? Kinamit nila 'yung pintuang-bayan nung mga leon, pintuang-bayan nung apoy, pintuang-bayan nung dagat, pintuang-bayan nung siyudad. At saanman sila magtungo, nagawa nilang makamit ang pintuang-bayan dahil ipinangako 'yun sa kanila. Subalit, pagdating sa kamatayan, sila ngang lahat ay nangamatay.

126 Ngayon heto na nga ang maharlikang Binhi na dumarating. Hindi lang Niya basta kinamtan ang mga pintuang-bayan ng kaaway, bagkus Kanya pang kinamtan ang pintuang-bayan ng kamatayan, impiyerno, at libingan, bumangon sa ikatlong araw at hinawi ang daan; hinapak ang tabing mula itaas pababa, at gumawa ng daan para sa bawat lalaki't babae na nagnanais lumapit sa Kanya, para makalapit. Kanyang kinamit ang mga pintuang-bayan. At hindi lang 'yun ang ginawa Niya; bagkus 'yung mga nangamatay, sa pananampalataya, Kanyang dinala ang pagkabihag na mabihag, umakyat sa Itaas, at nagbigay ng mga kaloob sa tao. Yun ang super na Binhi ni Abraham. Yun ang maharlikang Binhi, si Jesus Cristo, ang super na tanda. Tandaan, isa 'yung walang hanggang tanda, isang sobrenatural na walang hanggang tanda, ito ngang si Jesus. Bumangon Siya mula sa mga patay, hindi nila kayang panatilihin Siya dun. Kamatayan man, impiyerno man, libingan man, di nila kayang panatilihin Siya dun.

127 Mga Hebreo 13:8, gaya ng nasabi ko na, "Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at kailanman," upang ipakita, ipakita ang super na tanda ng kapanahunang ito.

128 Masdan n'yo, kunin natin ang pinagdaanan ni Abraham, sa ilang saglit, isang tipo ng kanyang binhi. Si Abraham, na propeta, masdan n'yo. Nangusap sa kanya ang Diyos sa iba't ibang paraan mula nung lumisan siya ng Caldeo, sa bayan ng

Ur. Naglakbay-lakbay siya. At nagpakita ang Diyos sa kanya ng napakaraming dakilang mga tanda, na lumitaw sa kanya, ipinakita sa kanya ang lahat ng mga bagay na mangyayari, sinabi sa kanya kung anong magaganap. Lahat ng mga ito'y sinabi Niya sa kanya. Pero bago niya matanggap ang anak na ipinangako, nakatayo nga siya noon malapit sa pintuang-bayan ng mga Gentil, sa bandang itaas lang ng Sodoma. At bago nga niya matanggap ang kanyang—kanyang super na anak, o anak niya na ipapanganak bilang super na anak, hayan nga't, bago niya matanggap ang anak na 'yun (di po Yaong maharlika ang tinutukoy ko), pero, bago nga niya matanggap 'yung anak na 'yun, tumanggap muna siya ng super na tanda.

129 Ano nga 'yun? Ang Diyos nga'y nanaog sa kanya, sa anyo ng isang Tao. Pansinin n'yo 'yung Lalaking 'yun na nakipag-usap sa kanya, na tumayo sa may toldang kinaroroonan niya't nagpamalas ng isang super na tanda.

130 At nung ang kanyang super na Anak ay dumating dun sa eksena, nagpamalas nga ang kanyang super na Anak ng siya ring parehong tanda, upang ipakita na Siya ang super na Binhi ni Abraham. Luwalhati!

131 At nangako Siya ng gayunding bagay sa huling mga araw. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Si Abraham, bago, bago pa nga dumating 'yung ipinangakong anak; katulad ng naghihintay tayo ngayon, ng Binhi ni Abraham, maharlikang Binhi. Hayun nga noon 'yung natural na binhi; heto naman ang maharlikang Binhi. Noong matanggap ng natural na binhi ang kanilang tanda, kanilang—kanilang tinanggihan ito; at maging, sa . . . maski ang maharlikang Binhi, mapasa hanggang ngayon ay tatanggihan nga Itong muli ng binhing iglesya. Sa tuwina'y ganun na ang ginagawa nila kahit noon. Pero, pansinin n'yo nga, ano bang klaseng tanda 'yun?

132 Sige po't tingnan natin kung ano nga ba itong super na tanda na ito. May isang Lalaking dumarating, tatlo sila. At hindi n'yo ba napansin, nung—nung matanaw ni Abraham na parating 'yung tatlong lalaking 'yun, nagtungo siya sa labas at ang sabi niya, "Panginoon ko, lalampasan Mo ba ako? Tumuloy Ka't maupo. Hayaan Mong magdala ako ng tubig at nang mahugasan ko ang Iyong mga paa. At kumuha ng sansubong tinapay, at pagkatapos ay makahahayo Ka na sa Iyong lakad." Tatlo ang nakita niyang paparating, at tinawag ang tatlo, ang Isa, na "Panginoon."

133 Si Lot, ang iglesyang nominal, dun sa—dun sa may Sodoma, dalawa ang nakita niyang paparating, at ang sabi niya, "Mga Panginoon ko."

134 Alam nga ni Abraham na "ang tatlong ito'y isa." Ang totoo nga'y Isa lang naman talaga 'yun, dun sa kanila. Masdan, 'yung dalawa sa kanila'y nagpunta dun sa Sodoma, at 'yung Isa'y

nagpaiwan para makasama siya. Sabi niya, “Panginoon ko.” Pansinin n’yo ’yung Isang ’yun na nagpaiwan para makasama siya; si Abraham, bilang tipo ng mga tinawag-palabas, wala sa loob ng Sodoma, ang hinirang para sa oras na ’yun.

135 Ngayon, tandaan, ang mga Gentil nga noon ay nakasalang na sa pagtupok, kagaya ngayon. Ang daigdig ng mga Gentil ay wawasakin sa pamamagitan ng apoy. Alam natin ’yan.

136 Ngayon masdan n’yo ang naturang super na tanda. Bumaba ang Diyos sa anyo ng isang Tao at nagpamalas ng isang tanda, habang Siya’y nakatalikod sa tolda, at tinanong kung nasaan si Sarah. At ang sabi ni Abraham, “Siya’y nasa loob ng tolda sa likod Mo.”

137 At sabi Niya, “Akin kang dadalawin sa takdang panahon ng buhay.” Pansinin n’yo ’yung “Akin” dun, kita n’yo, “Akin kang dadalawin.”

138 At, pansinin pa, hindi Niya siya tinawag na Abram. Mga ilang araw bago ang tagpong ’yun, siya’y Abram. Pero binago ng Diyos ang kanyang pangalan, sa Espiritu’y, nakikipag-usap sa kanya. Pero heto na nga ang Diyos sa laman; kumain nung guyang baka na kinatay ni Abraham, uminom ng gatas mula sa baka’t, kumain ng tinapay. Isipin n’yo ’yun. Isang Tao, tadtad ng alikabok ang damit, marurumi ang paa, amen, Diyos!

Sasabihin n’yo, “Hindi ’yun Diyos.”

139 Si Abraham na mismo ang nagsabing Siya nga, sabi niya Siya si “Elohim,” Yaong lumikha ng kalangitan at ng lupa, Yaong buong-kasapatan ng lahat, Diyos sa anyong tao. Amen.

140 At nagpamalas Siya ng tanda kay Abraham, para malaman niya ’yun, na ang daigdig ng mga Gentil ay nasa katapusan na. At Siya ’yung super na Binhi. Sabi Niya, “Nasaan si Sarah?”

Sabi, “Nasa loob siya ng tolda sa likod Mo.”

Sabi Niya, “Akin kang dadalawin sa takdang panahon ng buhay.”

141 At may ginawa si Sarah. Tila ba’t natawa siya. Sabi Niya, “Bakit tumawa si Sarah, na animo’y nagsasabing, ‘Di maaaring mangyari ang mga bagay na ito’?” Natalos Niya ang mga iniisip ni Sarah sa kanyang isipan, sa loob ng tolda sa likod Niya. At dun nga’y nalaman niyang Diyos ’yun.

142 Ngayon tingnan n’yo. Si Jesus, nung maparito Siya sa lupa, Siya ang super na Binhing ’yun. At, nung maparito Siya, Kanya ngang inihayag sa mga tao ang siya rin mismong bagay. Tama ba? Ngayon, yamang nalalaman na ang wakas ng panahon ay parating na, at ang sabi, “Ang mga bagay na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo, sapagkat sinabi ng Diyos na pagkakalooban Ko kayo ng isang Walang Hanggang, walang katapusang tanda.” Amen. Hayan nga ang super na tanda.

143 Tingnan n'yo nga ang pinagdaanan ng iglesya. Dumaan 'yun kay Luther, Wesley, mga Pentecostal, mga denominasyon. Nagkaroon tayo ng mga kapahayagan at lahat na ng iba pang bagay. Nagkaroon tayo ng pagsasalita sa iba't ibang wika. Nagkaroon tayo ng mga kaloob ng pagpapagaling. Naipamalas na sa atin ang bawat bagay na ito.

144 Pero, tingnan n'yo nga, sa mismong wakas ng panahon, bago ang pagtupok at pagwasak, may kahiwagahang lumitaw ang super na tanda, sa eksena muli sa mismong harapan natin, amen, ang Diyos Mismo. Hindi tao, kundi Diyos na nahayag; isang super na tanda, isang walang katapusang tanda, isang Walang Hanggang tanda, isang super na tanda, ang Diyos na nahayag sa laman! Siya nga't siya ring tanda na ipinakita ng Kanyang Anak, ang Kanyang super na Anak nga'y nangako ng siya ring 'yun sa wakas, "Kung papaano sa mga araw ng Sodoma, ay gayundin naman ang magaganap sa Pagparito ng Anak ng tao." Babalik ang super na tanda.

145 Mayroon na tayo nitong mga iba pang bagay, ang dinaanan ng maharlikang Binhi ni Abraham ay dumaan din sa siya ring daan na dinaanan ni Abraham.

146 Pero bago pa man ang pagwasak sa sanlibutan, ang super na tanda na 'yun ay kailangang lumitaw uli, isang Walang Hanggan, na walang katapusang tanda ng pagkabuhay na maguli na magpapatunay na ang maharlikang Binhi nga'y hindi maaaring mapatay kagaya nina Daniel at ng iba pang mga propeta. Di nga Siya maaaring panatilihin ng libingan. Dahil Siya'y. . . Ang iba'y ginapi nila ang pintuang-bayan ng kaaway, gaya ng apoy, at leon, at—at tabak, at iba pa. Nagapi nga nila ang mga 'yun. Pero ang maharlikang Binhing ito'y kamatayan, impiyerno, at libingan ang ginapi. Walang makakapanatili sa Kanya. Bakit? Siya'y isang walang katapusang super na tanda! Ano nga ang super na tanda? Ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo, matapos na mamatay noon dalawang libong taon ang nakararaan, ay nananatiling buhay pa rin sa kalagitnaan natin, gaya ng ginawa Niya noon, inihahayag ang Sarili sa Kanyang Iglesya, sa laman. Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Amen.

147 "Isang dalaga ang maglilihi. At mula sa oras na 'yun, ang Diyos at tao'y magiging isa na, magkalakip nang magkasama," isang walang katapusang, Walang Hanggang tanda, isang super na tanda.

> Siya'y buhay, Siya'y buhay,
> Si Cristo Jesus ay ngayo'y buhay!
> Kung itatanong n'yo kung paanong nabatid ko
> na Siya'y buhay?
> Heto nga Siya sa loob ng puso ko nananahang
> buhay.

148 Nakikita ko Siya sa kalagitnaan natin. Lahat ng Kanyang hinirang na Binhi'y makikita ito. Siyanga, po.

149 Ang mga hinirang noong panahon Niya'y nakita ito. Nakita ito ng mga itinalaga. Sa gitna ng kawalang pananampalataya, nagawa pa rin nilang manampalataya rito. Naroon man sila sa gitna ng mga di-sumasampalataya pero nagawa pa rin nilang ipahayag 'yun nang hayagan sa madla, "Oo, Ikaw ang Anak ng Diyos, ang Hari ng Israel." Oh, grabe!

150 Sa gitna mismo ng libo-libong di-mananampalataya, may isang lalaki, na nagngangalang Simon Pedro, ang lumapit dun. At ang sabi Niya, "Ang pangalan mo'y Simon, at anak ka ni Jose." Ano 'yun? Ang super na tanda nga. Hayun nga ang Propeta roon na nakatayo, hayun ang super na tanda, at tinanggap 'yun ni Simon Pedro anupaman ang sabi-sabihin ng iba laban dun. Yung maton na 'yun na matipuno't malaki ang pangangatawan siya nga'y naging maamong tupa sa harap ng Diyos.

151 Pansinin, hayan noon si Natanael, isang guro, isang iskolar na maituturing, na nananampalataya sa Diyos. At si Felipe'y sumadya't isinama siya mula sa kanyang—kanyang bayan, isinama siya. Nung dumating siya sa kinaroroonan ni Jesus, sabi ni Jesus, "Narito ang isang tunay na Israelita, na sa kanya ay walang daya."

152 Sabi niya, "Rabi, kailan Mo ako nakilala? Nakakagulat ito. Narinig ko na sa kalolo-lolo-lolo-lolo-lolohan ko't nababanggit nila itong *Ganito-at-ganoon* at *Ganito-at-ganoon*, noon pa man. Wala pa akong naririnig na ganito sa aking . . . Papaano Mo ako nakilala?"

153 Sabi ni Jesus, "Bago ka tawagin ni Felipe, nung nasa ilalim ka ng punongkahoy, Akin ka nang nakita." Isang super na tanda! Amen. Tapos ang mga saserdote't mga rabi. Hayun na ang Walang Hanggang super na tanda ng Diyos. Oo.

154 Kinailangan Niya noong dumaan ng Samaria. Tandaan, may tatlong lahi ng tao; mga lahi nina Ham, Sem, at Japhet. Pumunta Siya roon sa mga taga-Samaria. May dumating dun na munting babae, sa may balon, sasalok ng tubig. Si Jesus, nung Kanyang kinausap ang babae, sabi, "Dalhan mo Ako ng maiinom."

155 Sabi nung babae, "Wala Ka namang panalok," at kung anu-ano pa. At nagpatuloy ang pag-uusap. Napag-usapan nila dun 'yung problema ng segregasyon ng mga lahi't, kung anu-ano pa.

156 Pagkatapos nun maya-maya, sabi Niya sa babae, "Humayo ka't kunin mo ang iyong asawa at pumarito kayo."

157 Ngayon sabi nung babae, ("iniisahan ako ng Lalaking ito,") kita n'yo, "Wala akong asawa."

158 Sabi, "Sinabi mo ang katotohanan. Nagkaroon ka na ng lima, at ang kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa." Super na tanda!

159 Pakinggan n'yo 'yung babae, "Ginoo, napaghahalata kong Ikaw ay isang Propeta," super na tanda, kahayagan ng Salita para sa araw na 'yun. Masdan. "Isa Kang Propeta, pero wala naman akong nakikita sa Biblia na may lilitaw na propeta sa panahong ito. Mangyaring ang hinihintay nami'y Mesiyas, at, sa pagdating Niya, Kanyang ihahayag ang ipinangakong Salita ng Diyos. Magiging ganun nga Siya."

160 Yung aba't munting babaing 'yun ay mas may alam pa tungkol sa Diyos kumpara sa kalahati ng mga mangangaral ng panahong 'yun, sa lupaing 'yun. Bakit? Yung babae kasi'y itinalaga na para dun nung una pa lang. Nung tumama 'yung Liwanag na 'yun, Nabuhay ang binhi. Di mo 'yun maitatago. Hindi.

161 Tingnan n'yo si Natanael, di niya alintana—di niya alintana kahit sino pang nakatayo sa paligid. Nakatayo nga siya roon sa harap nung saserdote niya't lahat na, sabi, "Rabi, Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel na hinahanap namin." Nakita niya ang super na tanda.

162 Yung munting babae, sa gitna ng gulo na kinasasadlakan niya, tumakbo siya sa bayan, at nagsabi, "Magsiparito kayo't tingnan ang isang Lalaki na nagsabi sa akin ng mga bagay na aking ginawa. Mangyari kayang ito na mismo ang Mesiyas? Hindi ba't ito na ang hinihintay natin?" Super na tanda!

163 Ngayon, tandaan n'yo, hindi pa panahon noon para mapasa Gentil ang bagay na 'yun, pero kinailangan nilang tanggapin 'yun dahil ang Diyos ay di nagbabago ng kontinuwidad Niya. Kailangan Niyang gawin 'yun. Tandaan n'yo, Kanya 'yung ipinangako. Sinabi Niyang gagawin Niya. Nangako Siyang gagawin Niya 'yun. At sa huling mga araw, gagawin Niya 'yun. Ganun nga ang sinabi ni Jesus, "Kung paano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma, ay gayun din naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao." Ipinangako sa atin, sa huling mga araw, ayon sa Malakias 4, na may isang lilitaw sa huling mga araw na magsusumikap siyang magpanauli, at yuyugyugin ang lahat ng kalamigan at lahat ng kinaugalian nilang tradisyon, at ganung mga bagay, "at ipanauli ang Pananampalataya ng mga tao pabalik sa apostolikong mga magulang muli, patungo sa orihinal na Salita." Oo.

Sasabihin n'yo, "Si—si Elias 'yun na naroon kay Juan." Oh, hindi, hindi po.

164 Si Elias nung panahon ni Juan ay 'yung Malakias 3, "Aking isusugo ang Aking sugo sa unahan Ko."

165 Dahil, pagkatapos na pagkatapos mahayag ng propesiyang *iyon*, sunog na sana ang buong mundo. Dalawang libong taon na ang lumipas, di naman nasunog ang mundo. "At lalakaran ng mga matutuwid ang alabok ng—ng abo ng mga masasama."

166 Kapatid na lalaki, kapatid na babae, nabubuhay nga tayo sa panahon ng mga super market, mga super jet, mga super highway, mga super na karera, super ang lahat. At mayroon ding super na tanda! May tanda tayo ng relihiyon. May tanda tayo ng mga rebaybal. May tanda tayo ng paglalakip-lakip sa isa't isa. May tanda tayo ng pagsasalita sa iba't ibang wika. May tanda tayo ng pagpapagaling sa maysakit. Nasa atin na ang lahat ng mga tandang ito.

167 Pero, sa kabila nun, nakita nga natin sa Biblia, na ang huling tanda bago dumating ang ipinangakong Anak, ay isang super na tanda. Sinabi ni Jesus, "Kung paano ang nangyari noon; bago dumating muli ang ipinangakong Anak, ay darating sa lupa ang super na tanda na iyon muli." Ipinapahayag ko sa inyo, ngayong gabi, sa Pangalan ni Jesus Cristo, nasa lupa na ito ngayon. At di lang 'yun, narito pa mismo ito sa kalagitnaan natin ngayong gabi. Ang Banal na Espiritu, ang super na tanda ng Diyos, ang Jesus Cristo na nabuhay na mag-uli, hinding-hindi nga Ito maaaring mabigo. Isa itong Walang Hanggang tanda. Hinding-hindi Ito maaaring mabago. "Ang Kalangitan at ang lupa ay lilipas, subalit hindi Ito kailanman mababago." Isa itong Walang Hanggang, walang katapusang tanda, ang Diyos na nahayag sa katawang-tao. Ang Diyos na ipinakilala ang Sarili gamit ang katawan ng isang tao.

168 Sumasampalataya ba kayong 'yan nga'y ang Katotohanan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Buong puso n'yo bang, sinasampalatayanan ito? ["Amen."] Huwag n'yo ngang kulungin ang mga sarili n'yo na parang pagong sa loob ng bahay nito. Kung may pagkapagong pa riyan sa inyo, tanggalin n'yo na 'yang bahay na 'yan. Hayaan n'yong pumasok ang Espiritu Santo. Huwag n'yong kulungin ang mga sarili n'yo sa anumang kredo o denominasyon. Kapatid na lalaki, kapatid na babae, dumating na ang oras. Naniniwala akong nagawa na ng Diyos ang dapat Niyang gawin. Ang kasunod na lang ay ang pag-aksyon ng iglesya o kung hindi'y mapapahamak tayo.

169 Itatanong ko lang sa inyo kung mayroon ba ritong gustong sabihin na di nga ito totoo. Naitanong ko na ito sa palibot at palibot ng mundo, at wala ni isang beses na may isa, may kahit isa na sumubok. Alam nila ang nakakabuti. Alam nila ang higit na mas mabuti, dahil ito'y ang Salita, at pinatutunayan nga ng Diyos na Kanyang Salita Ito talaga. Kung ganun ay bakit di n'yo na ito tanggapin? Amen. Kung oras na, huwag n'yo nang patagal-tagalin pa.

170 Napakaraming tao ang nagnanais din namang tumanggap kay Jesus. Iniisip nga lang nila na maaari naman nilang gawin 'yun, "sa susunod na lang kapag maluwag na," sabi pa nga ng isa. Nagnanais din silang tumanggap kay Cristo, 'yun nga lang pinatatagal pa nila ito. May ilan sa kanila sinusubukan nilang mawala Siya sa mga kamay nila, at sinusubukang maghugas-

kamay, ipapasa ang pananagutan sa iba, pero bumabalik ito sa kanila.

171 Nasa inyong mga kamay na uli ito, sa gabing ito, ibinalik mismo riyan sa inyong kandungan! Mga Hebreo 13:8, sa kabila ng napakaraming Konseho ng mga Iglesya na taglay-taglay natin, nananatili pa ring "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." "Ang mga gawa na Aking ginagawa!" Kung—kung ang Buhay Niya ay nandiyan mismo sa inyo, ihahayag nun si Jesus Cristo. Amen.

172 Ngayon lahat nga kayo'y di maaaring maging 'yung isang 'yun, pero maaari nga kayong maging bahagi nun, gamit ang inyong pananampalataya.

173 Di nga maaaring lahat sila'y maging Jesus, nung nandito pa sila noon sa lupa, pero maaari nga nilang sampalatayanan Siya at tanggapin ang mensahe. Isa nga lang ang naging Moises, ang Elias, ang Noe, at iba pa, sa tuwina'y isa lang, pero ang iba pa sa kanila dun ay maaari namang tanggapin ito. At wala sana silang pagmiministeryo maliban na may sumampalataya dun. Si Jesus ay wala sanang pagmiministeryo malibang may taong sumampalataya dun. Si Pablo'y wala sanang pagmiministeryo maliban na may sumampalataya dun.

174 Walang magiging pagmiministeryo ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng Salita, ngayon, maliban na may isa riyang may pagnanais na mawalay sa kanilang kredo't manumbalik sa Salita muli, kahit gaano pang kay inam ay nandito na ito at gaano pang katotoo'y nandito na ito. Nandito na talaga ngayon. Alam kong nandito na talaga. Nararamdaman ko. Alam kong nandito na ito. Sinasabi ng Salitang nandito na ito. "Kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa Aking Pangalan, ay Ako'y naroon sa gitna nila." At tunay ngang nananampalataya akong nandito talaga Siya, "ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

175 Oh, kung magagawa ko lamang sa munting tabernakulo rito . . . Mahal ko po kayo. At di ako naniniwalang may iba pang tao rito sa lupa na masasabihan ko ng mahal ko siya nang mas higit maliban kay Jack Moore, at, siyanga't totoo 'yan, Young Brown, at Lyle, at ang ibang mga kalalakihan dito. May nabasa akong artikulo ngayon, na isinulat ni Anna Jean, hihingi nga ako ng pahintulot sa kanya na ilimbag 'yun muli, tungkol sa mga magagandang bagay na sinasabi nila. At—at, tingnan n'yo, kung di kayo magigising, agad, magiging huli na ang lahat. Life Tabernacle, ako'y kabahagi n'yo, at 'yan ang dahilan kung bakit ako humihibik. Taon-taon, nakikita kong lumalamig na nang lumalamig. Marahil di n'yo 'yun napapansin, nabubuhay kayo sa gitna nito, pero manatili lamang kayo sa paghayo at pagkatapos ay bumalik dala-dala ang mga alaala nung isang taon na nagdaan. Hindi ba't nabanggit ko na ito noon sa inyo sa

munting tolda roon, isang gabi, "Mula sa oras na ito"? Kung ano 'yung sinabi ko tungkol sa Shreveport noong 'yung babae roo'y may isinulat siyang di kaaya-aya tungkol sa akin?

176 Naaalala n'yo pa ba 'yung sinabi ko nung panahon na 'yun tungkol sa Estados Unidos, mga tatlo o apat na taon na ang nakararaan, lima, pagkatapos naimprinta 'yun sa mga diyaryo? Sabi ko, "Sa taon na ito tatanggapin ng Estados Unidos ang Ebanghelyo o di na nila kailanman tatanggapin pa." Mula sa oras na 'yun ay tumanggi sila. At kaya di na magkakaroon ng—ng malaking rebaybal sa Amerika kahit kailan gaya nun. Kung naniniwala kayong ako'y propeta, alalahanin n'yo po Salita 'yun ng Panginoon. Masdan n'yo nga't makikita n'yo na naghihingalo na talaga. Ang mga simbaha'y naghihingalo na. Nalalanta na sila. At pinapatay ako nito, sa loob ko, na malaman ito, mga kalalakiha't kababaihang mahal na mahal ko higit sa buhay ko, na sukat ibigay ko pa ang buhay ko.

177 Lumalapit ako sa inyo bilang inyong kapatid, hindi inyong Diyos; inyong kapatid, hindi inyong kaaway; inyong kapatid! Sinasabi ko lang sa inyo ang Katotohanan, at siya rin namang inihahayag ito ng Diyos. Bawat salita na aking ipinapangaral, inihahayag Niya ito. . . na mismong Katotohanan. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kung ganun ay bakit di n'yo Ito tanggapin, kapatid na lalaki, kapatid na babae? Sa pag-ibig ni Jesus Cristo, bakit di n'yo Ito tanggapin? Kung magagawa n'yo lang na sampalatayanan ito na Katotohanan talaga, matanggap lang Ito na Katotohanan talaga, 'yun lang ang hinihiling ko na inyong gawin.

178 Iyuko na po natin ang ating mga ulo pansumandali. Dito na ako hihinto sa mga tala ko rito. Nabanggit ko na magtatawag ako ng pagdulog sa altar, at papupuntahin dito si Billy Paul para mamigay sana ng mga prayer card. Wala tayong prayer card, ngayong gabi, atrasado na rin kasi para mamigay pa. Nakalimutan ko—ko po ang pangako ko. Papupuntahin ko siya rito bukas ng gabi, mga bandang alas sais. Di naman natin talaga kailangan ng mga prayer card, kung tutuusin. Noon pa ma'y inilalayo ko na kayo sa kinagawiang tradisyon na 'yan, na laging nagpapatong ng mga kamay gaya ng ginagawa ng mga Judio. Sabi nga ni Jairo, "Halina't ipatong Mo ang Iyong mga kamay sa aking anak na babae at siya'y mabubuhay." Ang sabi naman nung Romano, "Salitain mo lang ang salita," hayan nga ang Gentil na pamamaraan ng pananampalataya.

179 Kung ang sinalita ko sa inyo'y ang Katotohanan, ngayon pakinggan n'yo itong hamon na ito; kung ang sinalita ko sa inyo'y ang Katotohanan, kung gayon ay kinakailangan kong tumayo sa entabladong ito sa harap n'yo at sabihin talaga ito. At ano ngang mabuti ang maidudulot ng pagsabi ko nito, kung wala naman dito ang Diyos? At kung ito nga'y Katotohanan ng Diyos, Siya'y—

Siya'y obligadong patotohanan Ito. Kinakailangan Niyang patotohanan Ito. Nangako nga Siyang gagawin Niya.

180 Pero mauupo na—na lang ba tayong manhid? Ang Espiritu ba rito. . .Haya't "Ichabod" ba ang narito sa Life Tabernacle? Yan ba ang tila nakabakas sa buong tabernakulo? Yan ba ang tila nakabakas sa lahat ng mga kaiglesyahan na binibisita ko sa buong bansa? Dumating na ba tayo ngayon sa masyado nang madilim at natatakpan na nang makapal na "may isa *rito* at isa *dun*; at isa sa bukid, 'kukunin Ko ang isa,' at marahil 'yung isang 'yun sa kabilang panig ng mundo, at, 'kukunin Ko ang isa'"? "Kung paano sa mga araw ni Noe, na wawalo lang ang naligtas sa tubig, ay gayundin naman sa pagparito ng Anak," dumating na ba tayo sa ganoong kalagayan?

181 Ang pagmiministeryo ba ni Jesus Cristo, sa panahong ito, ay naging katulad na katulad na nung panahong pumarito Siya at nangaral Siya noon? Nung batang-bata pa Siyang Propeta na taga-Galilea, gustung-gusto ng lahat na imbitahan Siya sa kani-kanilang iglesya, noong nagpapagaling Siya ng mga may sakit, at lahat. Pero nung Siya'y humayo na't nagpropesiya at sinasaway sila, at tinatawag silang "lahi ng mga ahas," doon nga'y unti-unti na Siyang tinatanggihan, na nagbunsod sa dulo sa Kanyang pagkakapako sa krus, pagpatay.

182 Pero, tandaan n'yo nga, may isa pa Siyang ministeryo, Siya nga'y nangaral sa mga Mapasawalang Hanggan nang ligaw at nahatulan, na di nagsisi sa mga araw na may pagkakataon pa sana silang magsisi. Magbabalik kaya ang ministeryong gaya nun, na magtutuluy-tuloy ang pagmiministeryo sa mga taong ligaw at nahatulan na, na wala nang awang makukuha pa para sa kanila? Isipin n'yo 'yun, ano kaya kung ganun.

183 Sasabihin n'yo, "Ganun kaya, Kapatid na Branham?" Di ko po alam. Maaaring mas huli na sa inaakala natin.

184 Kung titingnan n'yo ang anino ng isang bagay, malalaman n'yo kung ano talaga 'yun sa aktuwal. Ilalahad n'yo nang paganito ang kamay n'yo, at makikita n'yo 'yung apat na daliri, limang daliri, kung ano nga ang kamay n'yo kapag ang negatibo'y naging positibo, dahil 'yun 'yung kung ano 'yung nandun sa anino.

185 Manampalataya kayo, mga kaibigan. Oh, tulungan nawa kayo ng Diyos! Grabe, napakaraming pagkakataon. . .Binilhan n'yo ako ng mga ternong maisusuot. Mayroon ako, dun ngayon, mga regalo't, kahon-kahon ng kendi, timba-timbang arnibal. May ibinigay pa nga kayo, sa—sa pamilya ko, na mga tuwalya; 'yung sa mga anak ko, mga damit. Pinakain n'yo ako. Ginawa n'yo ang lahat ng magagawa n'yo. At kaya naman po hayaan n'yong ako naman ang may gawin para sa inyo. Hayaan—hayaan—hayaan n'yong. . .

186 Oh, kung magagawa lamang ng Diyos na pumasok agad, sa kung anong paraan, ngayon mismo! Sa inyo riyan sa itaas, sa ibaba, saanman kayo, sa balkonahe, kung di pinapatotohanan ng Diyos ang sinasabi ko, ibig sabihin ako'y nagsisinungaling. Pero kung pinapatotohanan nga Niya! Alam kong napakarami n'yo nang nakitang karnal na panggagaya, pero mas lalo pa nga n'yang pinatitingkad ang bagay na totoo sa inyo. Taglayin n'yo ang pananampalataya, at manampalataya.

187 Oo nga't, walang kahit isang prayer card sa gusali. Kung mayroon, sige po't itaas n'yo ang inyong kamay, kung mayroon nga riyan na may prayer card dito sa pagtitipong ito. Kita n'yo, wala kahit isa. Pero may mga tao ritong may sakit. At kung ang Espiritu Santo, na narito sa entablado mismo, kung maghahayag lamang at kikilos sa mga dumalo rito at sa palibot dito sa inyo na mga nariyan . . .

188 Tingnan n'yo nga ang sinasabi ng Biblia. Ano nga ba ang super na tanda? Ang Salita na nahayag sa bawat kapanahunan. Tama po ba? Buweno, bakit di nila kaya mapani-paniwalaan si Jesus? Gayong, sinabi sa Mga Hebreo 4, "Ang Salita ng Diyos ay buhay, mas makapangyarihan kaysa sa isang tabak na may dalawang talim, na humihiwa hanggang sa paghihiwalay." Yan nga'y sa tuwing ipangangaral Ito sa buong kapangyarihan Nito, humihiwa Ito sa kanan at kaliwa, dalawang talim, humihiwa sa magkabilang panig. Ano 'yun? "Humihiwa hanggang sa pinaka utak ng buto." At ano pang ginagawa nito? "Kumikilala sa pag-iisip na naroon sa puso."

189 Tumayo sa isang dako si Jesus, at ang propesiya nga Niya'y humihiwa sa mga relihiyosong tao hanggang sila'y magpira-piraso, at tinawag pa silang "lahi ng mga diyablo," sa harap ng madla; at tumangis para sa kanilang kapatawaran nung ipako nila Siya sa krus.

190 Gaya ng sinabi minsan ni Kapatid na Jack, may nabanggit siya noon, "Ang Mismong mga anak Niya'y sumisigaw noon para sa Kanyang Dugo." Ganoon nga.

191 Sinisikap Niyang iligtas sila mula sa impiyerno ng diyablo. At nung masaksihan nila ang pagkilala na 'yun, aba'y bakit di man lang nila nabatid, di nakilala na 'yun na pala ang super na tanda ng Diyos? Sa ganoon ding dahilan ang iglesya ngayon ay di ito nakikilala. Pero saan mang dako tumama ang Liwanag na 'yan sa itinalagang binhi, magkakaroon 'yun ng Buhay. Oo, tunay nga, di n'yo 'yun mapipigilan.

192 Ang pangkalawakang araw sa langit, a-r-a-w, hawak nito ang buong buhay botanika. Kapag may binhing nakapunla sa isang dako at tumama dun ang araw, magkakaroon nga 'yun ng buhay. Siyanga, po.

193 At ang A-n-a-k ng Diyos ang may hawak sa Buhay na Walang Hanggan. At kung may binhi ka ng Buhay na nasa iyo, kapatid,

kapag ang A-n-a-k ay tumama riyan at ipinakita sa iyo kung ano Siya, magkakaroon 'yun ng Buhay. Walang kahit anong paraan na makapipigil dito.

194 Manampalataya na kayo ngayon. Manampalataya lamang. Manampalataya kayo sa Diyos habang nananalangin tayo nang taimtim.

195 Makalangit na Ama, naritong nakalapag sa harap ko ang ilang mga tela, panyo. Oh Diyos, ang bawat isa'y naniniwalang isa Kang tagapagpagaling. Tunay. Lahat ng mga full-Gospel ay naniniwalang ganoon Ka nga. Isa Kang tagapagpagaling, at napakabuti Mo't mahahabagin sa kanila. Kahit dun sa mga oras na ipapako Ka na sa krus, nagpagaling Ka pa rin, ibinalik sa dati ang—ang tainga nung Romanong senturyon, na tinagpas ni Simon ng kanyang tabak. Ang kaaway ngang 'yun na nagpunta roon para dakpin Ka, sadyang napakabuti Mo't mahahabagin na nagawa pa ring magpagaling. Mapasa hanggang ngayon ay 'yan pa rin ang ginagawa Mo.

196 Pero, Panginoon, mabubuksan kaya ang mga mata ng mga tao rito at makikita nila ang pinagsisikipan naming sabihin sa kanila, na ngayon—ngayon ay wakas na ng panahon! Dalangin ko, Diyos, dumadalangin ako sa Pangalan ni Jesus, mangyari 'yan nawa sa gabing ito, Panginoon. Maitulot nawang ang Life Tabernacle ay isabuhay nito ang pangalan nito ngayong gabi, ang Buhay, Buhay na Walang Hanggan. Ang buong grupo na nagkatipon ngayong gabi sa ilalim ng mga bandera nito, nawa po'y dumating ang Buhay sa kanila, nang masagana.

197 Pagkatapos na mailatag po ang Salita rito, sa buo Nitong kasimplehan, ang pangako para sa panahong ito, na ipinangako Mo Ito sa araw na ito. Batid po namin ito, Panginoon.

198 At kami'y mga anak ni Abraham, humayo, naglakbay gaya ng ginawa noon ni Abraham. Mula sa pagtawid sa kabilang ibayo; pagpapahayag ng katapatan. Hanggang sa dumating sa banyagang lupain; ginawa namin 'yan, nagkaroon kami ng mga pangitain at kapahayagan, at lahat na, ng Diyos. Nangusap Siya sa amin at pinagaling kami, at ginawa ang siya ring mga bagay na ginawa Niya kay Abraham! Pero sa wakas na 'yun ng panahon, bago ang ipinangakong Anak, haya't ipinakita ng Diyos kung ano ang magiging kalagayan ng wakas ng panahon, sa pamamagitan ng super na tanda.

199 At pagkatapos ang super na Binhi, si Jesus Cristo, ang Binhi ng pananampalataya, siyanga't bumaba at ginawa ang parehong mga bagay noon sa kawakasan ng mga Judio, tulad ng ginawa nila dun sa kawakasang 'yun.

200 At ngayon sa kawakasan ng lahat ng mga bagay, nangako Siyang darating muli. "Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Noe, at sa mga araw ng Sodoma." "Ang mga gawang Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo." Kung ang Buhay

Niya ay nasa amin, ipaaaninag Siya Nito. Ipaaaninag Nito ang tagapagtatag, ang gumawa ng produkto; ang mga gawa niya ang siyang magpapaaninag sa kanya, mismo. At ang Diyos ay naaaninag kay Cristo, "Kung di ninyo Ako masampalatayanan, sampalatayanan ninyo ang mga gawa."

201 At ngayon ako'y dumadalangin, Diyos, na Iyo pong pagalingin ang bawat isang narito na aking ipinapanalangin nang may buong katapatan. Pagalingin Mo po sila, Panginoon. Iyo pong ipagkaloob ito.

202 At ngayon, minamahal kong Makalangit na Ama, heto po akong nakatayo. Napagtatanto ko na di na ako—di na ako magtatagal pa rito nang matagal-tagal, at nakikita ko po ang natural kong buhay na nag-uumpisa nang maglaho. Iyo pong tulungan ako, sa gabing ito, Panginoon, minsan pa. Minsan pa, Panginoon, maipagkaloob nawa na—na ang mga tao'y iwaglit na nila ang nakaraan ngayon, at magtumulin sa hangganan ng dakilang pagtawag. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

203 Ako po'y hihiling sa Iyo na papangyarihin ang isang bagay na magiging mahirap na bagay, Ama. Napagtanto ko ito. Pero ako nga po'y humihiling na Iyong itulot na si Jesus ay pumarito sa amin. At, Ama, Iyo pong pahiran ako, dahil mawawalan ito ng kabuluhan sa kongregasyon maliban na sila rin ay Iyo pong pahiran, din. Kami'y—kami'y nagkakaisang, nagkakalakip. At Iyo pong pahiran sila ng pananampalataya, na nawa'y may kahit isa rito . . . Tiyak namang may kahit isa rito na may taglay siyang sapat na pananampalataya para gawin 'yun, gaya nung babae na humipo sa Kanyang damit. "At Siya ang Dakilang Saserdote sa mga oras na ito na maaaring mahipo sa aming mga kahinaan," para ipakita na Siya mapasa hanggang ngayon ay yaong super na tanda na 'yun, ang Diyos na nasa tao, ang Diyos na gumagawa sa pamamagitan ng tao, na mga walang pinag-aralan at makawawaglit ng kanilang sarili, at hahayaang ang Espiritu ang kumilos sa pamamagitan nila. Marahil may munting mga kababaihan dito, ang pinahihirapan, marahil, nang ganun ding karamdaman gaya nung babaing 'yun. Marahil may mga Simon na nakaupo sa dakong ito, ngayong gabi, Panginoon, na—na mga anak ng mga Jonas, katulad noon. Nakaupo sila rito ngayon. Iyo pong tulungan kami, Panginoon, para mabatid na ito ng mga tao.

204 At Iyo pong dinggin ang aking dalangin habang ako'y . . . Di dahil sa emosyon; alam ko pong maemosyon ako, pero ako po'y sadyang . . . ako'y nababagabag po, Panginoon, sa mga nakikita kong nangyayari. Sadyang—sadya pong binabagabag ako nito nang lubos . . . Itulot Mo po na ang mga tao'y manumbalik sa Salita, at iwaglit ang mga kagila-gilalas na bagay ng panahon, ang mga popular na opinyon ng sanlibutan; manumbalik sa Salita, sa Salitang nahayag sa oras na ito ngayon na amin pong kinabubuhayan. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

205 At habang nakayuko ang ating mga ulo, nais kong ang bawat isa sa inyo'y manalangin, sadyang—sadyang manalangin. Huwag. . . Iyuko po talaga natin ang ating mga ulo at talagang manalangin, sabihin n'yo, "Panginoon, Iyo pong tulungan ako ngayon."

206 At isipin n'yo lang ang anumang bagay na nais n'yong ipanalangin. At kung buhay nga talaga ang Panginoong Jesus mapasa hanggang ngayon, ang ibig sabihi'y tiyak na tiyak, mga kaibigan, 'yan ang super na tanda. At may mga tao nga na sinasabi nila, "Oh, wala namang duda na may mga ganyang bagay talaga na nangyayari, si Kapatid na Branham ay may dakila naman talagang kaloob mula sa Diyos. At naniniwala ako, na kung siya'y nasa ilalim ng pahid, siya'y propeta ng Panginoon, pero huwag n'yong pakinggan ang Aral niya." Ngayon sinuman na gumagawa ng ganun, magsasabi ng ganun, tapos itinuturing pa naman silang mga iskolar? Gayong, 'yan mismo'y tanda na ang Aral talaga'y tama, ayon sa Biblia.

207 At kung kayo'y isang makasalanan, naghihintay rito ang dako ng pagbabautismo. Kung di pa kayo nababautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, narito ang dako ng pagbabautismong naghihintay. Kung di mo pa natatanggap ang Espiritu Santo, kinakailangan mo ngang taglayin ang Tanda na 'yun sa iyo o di ka makapapasok sa Pintuan. Kinakailangan mong maging Buhay ka ni Cristo sa loob mo.

208 Ngayon manalangin kayo at hilingin sa Diyos na tulungan kayo, habang mananalangin tayo ngayon. At sa mga kapatid na babae rito sa may—sa may instrumento, "Only Believe."

209 Isipin n'yo ang larawang ito, pababa ng burol dumarating si Jesus. Sige po't ilagay n'yo ang larawan na 'yan sa isip n'yo, masdan n'yo Siya habang papasok ng pintuan, at maglalakad dito at tatayo sa may pulpito rito, at magsasabi, "Mga anak." Ilagay n'yo lang ang larawang 'yan sa isip n'yo.

210 At ang bawat isa'y maging mapitagan po lamang talaga, at manatiling taimtim at manalangin. Bawat dako, manalangin po lamang, sabihin n'yo, "Panginoong Jesus, mahabag Ka po sa akin. Panginoon, sumasampalataya po ako."

211 Ama, Diyos, sila'y sadyang taimtim po ngayon. Sa taimtim na sandaling ito, naniniwala akong narito Ka. Naniniwala ako, na 'yung dakilang Haliging Apoy na 'yun na nanguna sa Israel sa paglalakbay nila sa ilang, 'yun ay nahayag sa laman. Sinabi nga Niya na Siya nga. "Bago ipinanganak si Abraham, ay AKO NGA. Nagbuhat Ako sa Diyos, at Ako'y paroroon sa Diyos."

212 Matapos ang Kanyang kamatayan, paglilibing, pagkabuhay na mag-uli, at pag-akyat; nakatagpo Siya ni Pablo sa daan, patungong Damasco. Isang dakilang Liwanag ang tumama sa kanya. Di 'yun tatawagin nung Hebreong 'yun na "Panginoon"

kung di niya nakilala na 'yun ang siya ring Haliging Apoy. "Sino Ka baga, Panginoon?"

Sabi Niya, "Ako si Jesus."

213 At narito Ka nga ngayong gabi, kasama namin, ang siyang Buhay na 'yun na nasa amin. Pinasasalamatan Kita dahil Dito, Ama. Ngayon ay malaman nawang ang aking mga sinabi ay Katotohanan. At 'yung . . . Ang dalaga na 'yun na naglihi, upang paglakipin ang tao at Diyos, 'yan nga'y ang siya ring tanda na nasa kalagitnaan namin ngayong gabi sa wakas ng panahon na ito, ang super na tanda. Itulot Mo uli ito, Ama. Dumadalangin ako sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Ngayon manatili lang po tayong nananalangin.

214 Ngayon isinasailalim ko ang bawat espiritung narito sa aking kapamahalaan, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ngayon kung nais n'yo pong manalangin, patuloy lang po kayo sa pananalangin; kung nagnanais po kayong tumingala, sige po't gawin n'yo lang ang nais n'yo. Panghawakan n'yong tuluy-tuloy ang inyong patotoo. Panghawakan n'yong tuluy-tuloy ang pananampalataya n'yo, kung kayo'y nananalangin.

215 Nakikita ko, dito sa harapan ko mismo ngayon, sa gitnang mga upuan dito, may isang munting binibini po, isang babae, nakaupo siya sa bandang likod, na nagtaas lamang ng kanyang ulo; dito sa gitnang mga upuan, sa dako roon sa likod. Siya'y pinahihirapan ng sakit sa likod. Oo. Sumasampalataya ka bang pagagalingin ng Diyos ang iyong likod? Nananampalataya ka ba? Sige po. Yan ang iyong ipinapanalangin kanina. Tama po ba? Itaas mo ang iyong kamay. Kayong dalawa'y pinagaling na. Yung babae sa tabi niya'y may sakit sa likod, din, haya't itinaas niya ang kanyang kamay. Nakita ko 'yun sa kanya't sa kanya. Ngayon, di ko po kayo nakikilala, hindi po ba, kayo pong dalawa? Pero tama nga 'yun. Kung tama, itaas n'yo ang inyong kamay.

Ngayon 'yun ba ang super na tanda?

216 Dito, dito naman sa mga upuan *dito*, sa aking . . . sa banda *rito* sa may likuran na likuran, may munting babae riyan na nahihirapang lumunok, nahihirapan. May problema siya—siya sa—siya sa paglunok. Di siya gaanong makalunok. Pero siya'y nananampalataya. Taga-ibang bayan siya. Makakasampalataya ka ba, kapatid na babae, na makakalunok ka na? Tatanggapin mo na ba ang kagalingan mo? Itaas mo ang iyong kamay kung ika'y . . . Sige, ngayon maaari ka nang gumaling. Ngayon, kung ano po, kung ako po'y estranghero sa iyo, iwagayway mo ang kamay mo nang *paganito*. Sige po, kita n'yo. Pero, hayan nga, nakaupo siya riyan ngayon at sinusubukan niyang lumunok. Ngayon, lumunok ka na ngayon at magiging maayos na 'yang paglunok mo. Subukan mo nga kung nagkagayon na.

217 Nananampalataya ba kayo na ang Anghel ng Panginoon ay narito ngayon? Sinasampalatayanan n'yo ba 'yun, ang super na

tanda? Kayo po, sa likod na likod ng gusali. Sa inyo po rito, sa malapit. Tatalikod ako, para malaman n'yo, na sa lahat ng anyo, ang Panginoong Jesus nga Ito. Tatalikod ako. At kayo po riyan ay manalangin, manampalataya. Kung iniisip n'yo na ang ginagawa ko'y tinitingnan ko kayo, na para bang binabasa ko ang isip n'yo, o parang ganun, kayo po'y sumampalataya lang. Kung nagawa Niyang sabihin kung ano ang ipinapanalangin ni Sarah, o kung ano ang ginagawa niya sa loob ng tolda sa likod Niya, haya't dahil nga ang Diyos ay nahayag sa laman ng tao, isang tao na nakakakain, nakakainom, isang tanda! Sinabi ko na sa inyo na super na tanda nga ito.

218 Sige, heto ang isang lalaki sa harapan ko ngayon. Naroon siya sa likuran ko. Nandito siya sa banda *rito*. Siya'y papunta na sa pagkabulag. Ang pangalan niya'y Maclusky. Kung sasampalataya siya nang buo niyang puso, pagagalingin siya ng Diyos. Tumayo ka. Di ko pa nakikita ang lalaking ito sa buong buhay ko. Manampalataya ka, ginoo.

219 Paano naman kaya sa mga nandito sa banda *rito*, kayo ba rito'y nananampalataya? Nananampalataya ba kayo nang buong puso n'yo? Manalangin kayo.

220 Nakikita ko ang isang babae, at siya'y pinahihirapan ng kung anong sakit. Iniisip niya epilepsy 'yun, dahil hinihimatay siya. Nanggaling pa siyang Timog-Silangan, sa . . . Taga-Florida siya. At ang pangalan niya'y Gng. Kinney. Kung ikaw nga'y makasasampalataya lamang, Gng. Kinney, at tatayo sa iyong paa, pagagalingin ka sa lahat ng pagkahilong pagkahimatay na 'yan. Tumayo ka. Di ko pa nakikita ang babaing ito sa buong buhay ko. Siya'y ganap na estranghero sa akin. Tanungin n'yo pa siya.

221 Sumasampalataya ba kayo na Siya ang super na tanda? Dito kaya sa banda *rito*, sumasampalataya ba kayo?

222 May isang babae rito ang pinahihirapan, na halos mauwi siya sa malubhang pagkanerbiyos, sa banda *rito*. Ang pangalan niya'y Gng. Jones. Kung makasasampalataya siya nang buo niyang puso, siya'y mapapagaling. Gng. Jones, kung ikaw nga'y sasampalataya, at tatayo sa iyong paa at sasampalataya na pabubutihin ni Jesus Cristo ang iyong lagay, matatanggap mo ang iyong kagalingan. Siya'y, ganap na estranghero sa akin, di ko pa siya nakikita sa tanang buhay ko. Alam ng Diyos na 'yan ang totoo.

223 "Isang dalaga ang maglilihi at manganganak ng isang Lalaki, at tatawagin ang Kanyang Pangalan na *Emmanuel*, na kung lilinawin ay, 'sumasaatin ang Diyos,'" sumasaatin dito ang Diyos, ang super na tanda ng Diyos!

224 Sinasampalatayanan n'yo ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Buweno, narito na nga tayo sa wakas ng panahon. Kung nandito nga Siya, bakit di n'yo Siya tanggapin

ngayon mismo? Nakikita n'yo ba ang dapat sanang nangyayari? Nakikita n'yo ba kung ano ba 'yung dapat maganap? Bawat isa rito'y dapat sana'y mapagaling na nang lubos. Narito ang Isang 'yun, narito ang Isang 'yun na gagawa n'yan. Alam naman 'yan ng lahat.

225 Alam ng Diyos na di ko kilala ang kahit sino dito. Sila'y—sila'y ganap na estranghero sa akin. Tanungin n'yo nga sila't makikita n'yo. Wala akong kaalam-alam tungkol sa kanila. Di ko kilala kung sino sila, kung taga-saan ba sila, o anuman.

226 Pero kung mapaniniwalaan n'yong ang sinasabi ko'y, totoo nga, sasabihin ko po ito ngayon, sa inyo, na narito ang Espiritu Santo na sadyang pinalilibutan ang buong paligid dito. Yaong Liwanag na 'yun ay sadyang bumabalot sa dako rito. Ngayon kung ang Salita'y totoo, at ang Salita'y nahayag naman na sa mismong harapan ninyo, ano pa bang problema't di n'yo Ito magawang tanggapin? Ano pa bang hinihintay n'yo, kapatid?

227 Naiipit ka rin sa isang suliranin, siyanga, tungkol. . . Oo't, tungkol ito sa asawa mo. [May nagsasabi, "Siyanga, po."—Pat.] Tama nga. Sandali lang po't titingnan ko kung ano 'yun. Naipahayag mo na ito, bitiwan mo na ang problemang ito.

Hinahamon ko kayo na manampalataya sa Diyos ngayon mismo, ang super na tanda!

228 Ang tanging pagkakilala ko lang sa lalaking 'yun, ay 'yung nakamayan ko lang siya. Di ko pa masabi ang pangalan niya sa ngayon. Pero 'yun nga ang suliranin niya. Di ko 'yun alam. Nandun ako nung ikasal siya, pero may mga bagay nga na nangyari. Ayaw ko namang sabihin pa 'yun dito.

229 Pero, hayan na't, hindi pa rin n'yo masampalatayanan ang Diyos? Sinabi Niyang magaganap talaga ang super na tanda na ito. Ilan po sa mga narito ang nagnanais na makita Siya? Patingin po ng kamay n'yo, sabihin n'yo, "Ako, ako'y sasampalataya na sa Kanya." Amen. Dito sa baba, nasaan man kayo, diyan sa itaas sa balkonahe, tandaan n'yo ang super na tanda ng Diyos, ang Salita ng pangako, ito'y nahayag na mismo ngayon sa mismong harapan n'yo, sa araw na ito.

230 Binasa ni Jesus ang mga Kasulatan, at bumaling at nagsabi, "Ngayo'y naganap na ang propesiyang ito sa kalagitnaan n'yo."

231 Sasabihin ko rin ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa araw na ito ang tanda ng wakas ng panahon ay nahayag na mismo sa harapan n'yo.

232 Ilan dito ang may karamdaman? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa Kanyang Presensya, kung magagawa n'yong sampalatayanan ang bagay na inyong nakita, na 'yun nga'y Katotohanan at nanggaling 'yun sa Diyos, hinihiling ko sa inyo sa Pangalan ni Jesus Cristo, tumayo kayo at tanggapin Ito ngayon din, sabihin n'yo, "Tinatanggap ko na

Ito. Aking, di na ito mawawaglit sa akin. Nananampalataya ako." Hindi ko iniisip kung saan man kayo nakaupo. Mabuti. Itaas n'yo ang inyong mga kamay ngayon. Ngayon papurihan n'yo lang ang Diyos. [May nagsasabi, "Yung mga panyo?'—Pat.] Naipanalangin ko na.

233 Ngayon nga'y purihin n'yo Siya, tumayo kayo. Ang super na tanda, ang super na tanda ay nandiyan mismo—mismo sa kalagitnaan n'yo, ang super na tanda ng Diyos para sa huling araw! Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.

*Ang Super Na Tanda* TAG63-1129
(The Super Sign)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes ng gabi, Nobyembre 29, 1963 sa Life Tabernacle sa Shreveport, Louisiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org